



## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

“Hindi kailanman magagapi ang nagkaisang taumbayan”

Tumutukoy sa “people power” ang pahayag sa itaas. Nangangahulugan ito na ang pagkakaisa ng taumbayan ang magiging dahilan upang mapangibabawan nila ang anumang hamon na darating sa kanila. Dalawang ulit nang napatunayan ng mga Filipino na hindi magagapi ang nagkakaisang taumbayan—sa oras ng dalawang pinakamahalagang pangyayari sa ating kasaysayan; tinutukoy ang Rebolusyong EDSA 1986 at 2001.

Ano ang kabuluhan ng dalawang Rebolusyong EDSA? Bakit nangyari ang mga ito? Kung nangangahulugan ang rebolusyon ng pakikibaka para sa pagbabago, wala bang pagbabago pagkaraan ng Rebolusyong EDSA 1986? Ano kaya ang dahilan upang mangyari itong muli? Nakatakda bang ulitin ng kasaysayan ang sarili nito?

Ilan lamang ito sa mga tanong na masasagot mo sa pag-aaral ng modyul na ito. Nahahati and modyul na ito sa mga bahagi na naglalaman ng tatlong aralin ang bawat isa:

Aralin 1 – *Balik-tanaw sa Makasaysayang Ugat ng Rebolusyong EDSA 1986*

Aralin 2 – *Ang Pagpapatalasik sa Isang Diktador*

Aralin 3 – *Ang Nagkakaisang Taumbayan Hindi Magagapi Kailanman*



## Anu-ano ang mga Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Matapos pag-aralan ang modyul na ito, magagawa mong:

- ◆ tukuyin ang mga dahilan kung bakit naganap ang mga Rebolusyong EDSA;
- ◆ ilarawan kung paano naganap ang mga Rebolusyong EDSA; at
- ◆ tukuyin at ipaliwanag ang mga aralin na makukuha mula sa mga Rebolusyong EDSA.



## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago mo pag-aralan ang modyul na ito, gawin muna ang simpleng pagsusulit na ito upang malaman kung ano na ang alam mo tungkol sa paksang ito.

Basahin ang bawat pangungusap sa ibaba. Kung sang-ayon ka sa sinasabi nito, maglagay ng tsek (4) sa kolum na may markang **Sang-ayon**. Kung hindi ka sang-ayon sa sinasabi nito, maglagay ng tsek sa kolum na **Hindi Sang-ayon**. At kung hindi ka sigurado sa iyong sagot, maglagay ng tsek sa kolum na **Hindi Sigurado**. Tandaan na para sa bawat pangungusap, kailangan mong maglagay ng tsek nang isang beses lamang.

	San
1. Ang panahon ng batas militar ang pinakamadilim na bahagi ng kasaysayan ng ating bansa.	
2. Isang mahusay na presidente si Marcos. Minahal at hinangaan siya ng lahat ng mga Filipino.	
3. Isang rebolusyon ng mga tao ang Rebolusyong EDSA 1986.	
4. Si Corazon "Cory" Aquino ang totoong nagwagi sa mabilisang eleksiyon noong 1986.	
5. Isang bayani at martir si Benigno "Ninoy" Aquino. Ang kaniyang kamatayan ang nagmulat sa mata ng maraming Filipino at naghikayat na lumaban kay Marcos.	
6. Idineklara noong Agosto 21, 1983 ang batas militar.	
7. Hindi karapat-dapat maging pangulo si Cory Aquino dahil hindi siya politiko. Isa lamang siyang maybahay.	
8. Isang milagro ang Rebolusyon sa Edsa noong 1986. Isa itong mapayapang rebolusyon na gawa ng Panginoon.	
9. Lumisan sa bansa si Marcos at kanyang pamilya noong Pebrero 25, 1986 upang inadiwang ang kanilang nanalo.	

Kamusta ang pagsusulit mo? Sa palagay mo ba ay nakasagot ka nang tama? Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa mga pahina 40–41.

Kung nakakuha ka ng iskor na 7 hanggang 10, magaling! Ipinapakita nito na marami ka nang nalalaman sa paksa. Maaari mo pang pag-aralan ang modyul upang balik-aralin ang iyong mga nalalaman. Malay natin baka may matutuhan ka pang bagong bagay mula dito.

Kung nakakuha ka ng mababang iskor, huwag sumama ang loob. Nangangahulugan ito na para sa iyo ang modyul na ito. Makatutulong ito sa iyo na maunawaan ang mahahalagang konsepto na magagamit mo sa iyong pangaraw-araw na buhay. Kung pag-aaralan mong mabuti ang modyul na ito, matututuhan mo ang mga sagot sa lahat ng mga item sa pagsusulit at marami pang iba! Handa ka na ba?

Maaari ka nang magtungo sa sususunod na pahina upang simulan ang Aralin 1.

# Balik-tanaw sa mga Makasaysayang Ugat ng Rebolusyong EDSA

Maraming dahilan kung bakit kailangan mong ipagmalaki ang pagiging isang Filipino. Isa sa mga dahilan ito ng pagiging sagana ang ating kasaysayan sa mga gawaing kabayanihan. At kabilang sa maraming mga pangyayari na nagpapatibay ng kabayanihan, ideyalismo at kagitingan ng mga Filipino ang Rebolusyong EDSA 1986.

Magpapaliwanag ang araling ito kung bakit naganap ang Rebolusyong EDSA 1986. Tatalakayin din nito ang mga makasaysayang dahilan na nagtulak sa mga tao na mag-alsa laban sa napatalsik na pangulong si Ferdinand Edralin Marcos. Kabilang sa mga makasaysayang mga pangyayari na tatalakayin sa araling ito ang: Batas Militar, ang asasinasyon sa dating Senador Benigno “Ninoy” Aquino, Jr., at ang Mabilisang Eleksiyon noong 1986.

Matapos mong pag-aralan ang araling ito, mauunawaan mo na ang mga makasaysayang pangyayari na nagbigay daan sa Rebolusyong EDSA 1986.



## Basahin Natin

Sa bawat rebolusyon, pinakalayunin ang pagkakamit ng pagbabago o reporma sa mga umiiral na kondisyon sa lipunan. Nangangahulugan ito na iginigiit ng mga tao ang isang rebolusyon dahil nais nila ng pagbabago sa lipunan, o sa sistema ng pamamahala ng kasalukuyang administrasyon. Sadyang totoo ito sa isang demokratikong lipunan kung saan nasa taumbayan ang kapangyarihan at awtoridad ng estado. Ang taumbayan ang siyang nabigyan ng kapangyarihan upang magdesisyon kung ano ang makabubuti para sa bansa.

Noong 1940 at mga naunang panahon, nakipaglaban ang mga Pilipino para sa kalayaan mula sa dominasyon ng mga dayuhan. Naiiba ang rebolusyon na naganap noong kalagitnaan ng dekada 80 dahil isa itong pakikipaglaban para sa kalayaan mula sa isang diktador. Upang madagdagan ang kaalaman at maunawaan mo nang husto kung paano nagsimula ang rebolusyon, basahin natin ang kuwento.

Sibasabi na ang Rebolusyong EDSA ay bunga ng pang-abuso at mga imoralidad na ginawa ng pamahalaan noong unang bahagi ng dekada 70. Ang panahon ng Batas Militar ay itinuturing ng maraming Pilipino bilang pinakamadilim na bahagi ng ating kasaysayan.



"Ngayon, ako, Ferdinand Marcos, Pangulo ng Pilipinas, sa bisa ng mga kapangyarihan na ibinigay sa akin ng Artikulo VII, Seksiyon 10, Parapag 2 ng Konstitusyon, ay naglalagay sa buong Pilipinas tulad ng naitakda sa Artikulo 1, Seksiyon 1 ng konstitusyon sa ilalim ng Batas Militar, at sa aking kakayahan bilang kanilang *Commander-in-Chief*, ngayo'y nag-aatas sa Sandatahang Lakas ng Pilipinas na panatilihin ang batas at kaayusan sa buong Pilipinas, iwasan o pigilin ang lahat ng uri ng karahasang di ayon sa batas, gayundin ang anumang gawaing rebolusyon o rebelyon at ipatupad ang pagsunod sa lahat ng batas at kaatasan, mga utos at regulasyon na personal kong ipinahayag o sa pamamagitan ng aking pangangasiwa."

Ano sa iyong palagay ang dahilan o mga dahilan kung bakit idineklara ni Pangulong Marcos ang batas militar?

---



---



---



---

Nagdeklara ng batas militar si Pangulong Marcos upang panatilihin ang batas at kaayusan sa buong bansa. Idineklara niya ito bilang isang paraan upang iwasan at lupigin ang anumang uri ng karahasan at rebelyon.

Ang batas militar ay kadalasang idinideklara ng mga pinuno ng iba't ibang bansa sa panahon ng pambansang kagipitan o ng digmaan. Kapag ito ay naideklara, ang mga militar, sa ilalim ng atas ng pangulo, ang umaako sa kabuuang kontrol sa bansa. Sinasabi na bago ideklara ni Marcos ang batas militar, ang Pilipinas ay nasa panahon ng kaguluhan at kawalan ng kaayusan. Maraming pambobomba ang naganap sa buong Metro Manila at sa iba pang bahagi ng bansa. Subalit, natuklasan pagkalipas ng ilang taon, matapos mawala sa kapangyarihan si Marcos, na ang mga pambobomba na iyon ay pakana ng pamahalaan upang bigyang katwiran ang pagdedeklara ng batas militar.

Alam mo ba kung ano ang nangyari sa bansa at sa maraming Filipino matapos maideklara ang batas militar? Kung oo, isulat ito sa ibaba. Kung hindi, maaari kang magtanong sa mga nakatatanda sa iyo, o sa ilang nakatatandang mga kaibigan o kapitbahay upang kanilang ilahad kung paano sila nabuhay noong panahon ng batas militar. Isulat ang kanilang mga sagot sa ibaba.

---


---

---

---


Upang madagdagan ang kaalaman kung ano ang nangyari sa ating bansa noong panahon ng batas militar, magpatuloy sa pagbabasa ng kuwento.

Noong panahon ng Batas Militar, ang mga sundalo, sa ilalim ng pangangasiwa ng Pangulo, ang nagkaroon ng kontrol sa tatlong mga sangay ng pamahalaan – ang ehekutibo, lehislatibo at hudisyal na mga sangay.




The illustration shows a hand labeled 'PANGULO' (President) firmly grasping three separate branches of the government: 'Ehekutibo' (Executive), 'Lehislatibo' (Legislative), and 'Hudisyal' (Judicial). This visualizes the concentration of power under martial law.

Nasuspinde din ang *Writ of Habeas Corpus*, o ang karapatan ng isang indibidwal na naaresto na dalhin sa isang korte upang malaman kung ayon sa batas o hindi ang pang-aaresto. Inaresto at pinatawan ng mga sundalo ang mga inosenteng sibilyan ng sedisyon (na nangangahulugan na rebelyon o rebolusyon).



The illustration depicts a judge's hand holding a gavel over a scroll that reads 'WRIT OF HABEAS CORPUS'. This represents the legal process of challenging an arrest.


Nasa kontrol ng pamahalaan ang media. Ang mga kompanya ng pahayagan. Ang radyo at telebisyon ay nasa pag-aari ng mga kaibigan ni Marcos. Maraming establisimiyento ang nagsara dahil sa banta o pananakot ng pamahalaan at ng militar.



Ipinagbawal ang karapatan na magpulong-pulong. Ipinatupad ang *curfew*, kung kaya't maraming tao ang napiit sa kanilang mga pinagtatrabahuhan.




Nagsagawa ang Pangulong Marcos ng iba't ibang *referendum* (na tumutukoy sa direktang pagboto ng mga tao sa isang isyu ng pambansang kahalagahan, tulad ng pagpapahaba sa panunungkulan ng mga politiko) upang malaman kung nais pa ng mga tao na magpatuloy siya sa kanyang pagsisilbi matapos ang kanyang termino. Ayon sa mga opisyal na pagbibilang, bumoto ang mga tao na pahabain ang termino ni Marcos. Noong Hulyo 1973, 97.7% sa loob ng 18 milyon na mga botante (tinatayang na 17 milyong mga Pilipino) ang nagnanais na manatili si Marcos sa kanyang kapangyarihan at pahabain ang kanyang termino.



Mistryosong nangawala ang maraming Filipino na lumaban sa mga kapritso ni Pangulong Marcos at natagpuan na lamang na mga patay. Masahol pa dito, marami sa kanila ang hindi na natagpuan.



Ang mga nasa oposisyon na maimpluwensiya at kilala tulad sa kaso ni Ninoy, ay pinaalis, ipinatapon sa ibang bansa at hindi binigyan ng karapatan sa kanilang sariling bansa.



## Magbalik-aral Tayo

Matapos basahin ang kuwentong komiks, sagutan ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang maaaring mangyari kung sinubukan ng pamahalaan na pigilin ang mga karapatan ng tao sa pampublikong impormasyon, pagpupulong at kalayaan sa pamamahayag?

---

---

---

2. Ano ang maaari mong naramdaman kung nabuhay ka noong panahon ng batas militar?

---

---

---

Pagkatapos mong sagutan ang mga tanong, ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa mga pp. 41–42.





## Pag-isipan Natin Ito

Ang pakikipaglaban ng mga Filipino noong panahon ng batas militar ay hindi nagtapos nang alisin ito noong 1983. Nang mga panahong iyon, ang pakikipaglaban ng mga Filipino ay isinagawa nang patago. Nangangahulugang maraming magigiting na Filipino na itinuring bilang mga rebelde ang kumilos ng tahimik. Ganito ang nangyari dahil ang mga militar at puwersa ng pulisya ay naghahanap sa mga “rebeldeng” ito. Kabilang sa mga Filipino na nanguna sa oposisyon ay sina Ninoy Aquino, Lorenzo Tanada, Francisco Rodrigo, Aquilino Pimentel at Teofisto Guingona. Lahat sila ay kabilang sa Partido ng Lakas ng Bayan LABAN—Kapangyarihan ng mga Tao, na katunggali ng partido ni Marcos na Kilusang Bagong Lipunan (KBL). Ipinakulong silang lahat. Ang mga hayagang protesta ng masa ay hindi gaanong nangyari pagtapos niyon dahil sa takot.

Kung mahirap noong panahon ng batas militar, kung hindi man imposible, na magkaroon ng isang kilos protesta dahil takot ang mga tao sa militar, mayroon bang pangyayari na naglunsad sa mga Filipino na piliing ipagtanggol ang kalayaan ng bansa kahit ang kapalit ay ang kanilang mga buhay? Ano ito?

---


---

---

Huwag mag-alala kung hindi ka sigurado sa iyong sagot. Ang tamang sagot ay ang asasinasyon o pagkamatay ng dating Senador Ninoy Aquino. Basahin natin ang susunod na seksiyon upang malaman kung paanong ang kanyang buhay at pagkamatay ay nagmulat sa mga mata ng maraming Filipino at nagtulak sa kanila upang mag-alsa laban sa dating pangulong Marcos.



## Pag-aralan at Suriin Natin



**Senator Benigno Aquino Jr.**  
(1932 - 1983)

Kilala si Ninoy Aquino bilang pangunahing bumabatikos kay Marcos at karibal sa kapangyarihan. Siya ang pinakamalakas na impluwensiya at pinuno ng partidong oposisyon (LABAN) laban sa administrasyong Marcos. Walang takot at walang lubay niyang ibinunyag ang katiwalian sa pamahalaan. Dahil sa kanyang katapangan, nagalit sa kanya si Pangulong Marcos.

Maagang nagsimula sa politika si Ninoy. Noong 1955, nahalal siyang alkalde sa kanyang lalawigan sa Concepcion, Tarlac. Siya ay 22 taong gulang pa lamang noon.

Noong 1963, nahalal siyang gobernador. Pagkaraan ng apat na taon, noong 1967, siya ang naging pinakabatang senador sa edad na 35. Ang susunod na posisyong lohikal para kanyang hangarin ang pagka-pangulo, ngunit maraming hadlang.

Dalawang araw matapos maideklara ni Pangulong Marcos ang batas militar noong 1972, si Ninoy at marami pang napagbintangang mapanghimagsik o rebelde ay dinakip at ibinilanggo.

Noong 1975, nagsagawa si Ninoy ng 40 araw ng pag-aayuno bilang protesta sa kautusang militar na pumipilit sa kanya na dumalo sa isang paghuhusgang militar na iniayos ng pamahalaan.

Pagkaraan ng dalawang taon, ipinasa ang desisyon ng hukom ng militar at siya ay napatunayang may-sala sa kasalanang panghihimagsik, ilegal na pagdadala ng mga armas at pagpatay. Nahatulan siya ng kamatayan sa pamamagitan ng pagbaril.




Hindi natuloy ang hatol na kamatayan kay Ninoy dahil iniutos ni Pangulong Marcos na muling buksan ang kanyang kaso. Maraming Filipino, kabilang na ang komunidad sa ibang bansa, ay naniniwala na muli lamang pinabuksan ni Marcos ang kaso dahil sa naging resulta ng magkakasunod na protesta laban dito.

Noong 1978, ipinahayag ni Ninoy ang kanyang kandidatura para kumatawan sa Interim Batasang Pambansa. Nasa bilanguan pa siya noon. Pero, natalo siya kay Imelda Marcos. Naglunsad ng martsang protesta ang kanyang mga kapartido sa LABAN dahil sa mga resulta ng eleksiyon.

Noong Mayo 8, 1980, pagkaraan nang pitong taon ng pagkabilanggo, pinahintulutan ni Pangulong Marcos na maglakbay si Ninoy sa Estados Unidos para magpaopera sa puso. Nanatili siya sa Boston sa loob ng tatlong taon kasama ang kanyang pamilya, ngunit habang naroroon, ipinagpatuloy niya ang pakikibalita sa mga pinuno ng oposisyon dito.

Pagkaraan ng tatlong taon ng destiyero, nagpumilit na makauwi si Ninoy kahit batid ang panganib ng pagbabalik sa bansa. Noong Agosto 21, 1983, dumating siya sa *Manila International Airport* lulan ang isang eroplano ng *China Airlines*. Ngunit habang bumababa si Ninoy sa hagdan ng eroplano, ang mga putok ng baril ay narinig at isang bala ang tumagos sa kanyang ulo. Namatay siya sa edad na 50.



Mahigit sa dalawang milyong tao ang nagmartsa sa kanyang libing. Milyun-milyong tao ang nakipagsiksikan sa mga daan nang dalhin ang katawan ni Ninoy sa Concepcion, Tarlac at pabalik sa Maynila kung saan dinala siya sa kanyang huling hantungan.

Maraming taon ang nagdaan at hanggang ngayon, ang pamilya ni Ninoy ay nangangailangan ng hustisya para sa kanyang pagkamatay. Ang kanyang naulilang maybahay, si Cory Aquino, ang siyang nagpatuloy sa kanyang mga ipinaglalaman.

Ano ang ipinapakita ng pagkamatay ni Ninoy?

---

---

---

---

Para sa marami, nakamtan ni Ninoy sa kamatayan ang hindi niya nakamtan noong nabubuhay pa siya. Ito ang pagbibigkis sa mga Filipino na lumaban para sa kanilang kalayaan mula sa administrasyong Marcos. Kung kaya't para sa mga Filipino at sa buong mundo, ang sakripisyo ni Aquino, at ang kanyang kamatayan, ay nangangahulugan na maaaring itumbas sa kalayaan ang buhay.



## Subukan Natin

Natapos mo na bang basahin ang kuwento ni Ninoy? Kung oo, tingnan natin kung naunawaan mong mabuti ang kuwento. Sagutan ang sumusunod na tanong. Isulat ang iyong mga sagot sa patlang na ibinigay.

1. Ilista ang ilan sa kahanga-hangang tagumpay at pampolitikang mga gawain ni Ninoy na nagpapatunay na isa siyang magiting na lalaki at maaasahang lider politiko.

a. \_\_\_\_\_

b. \_\_\_\_\_

c. \_\_\_\_\_

d. \_\_\_\_\_

e. \_\_\_\_\_

2. Kung ikaw si Ninoy, babalik ka pa ba sa bansa sa gitna ng mga pagbabanta sa iyong buhay? Ipaliwanag ang iyong sagot.

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

3. Paano nakaapekto ang kamatayan ni Ninoy sa mga Filipino? Nawalan ba ng pag-asa ang mga Filipino nang mamatay siya? Ipaliwanag ang iyong sagot.

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

Matapos mong sagutan ang mga tanong, ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 42–43.



## Pag-isipan Natin Ito

### Ang Mabilisang Eleksiyon Noong 1986

Naramdaman ng lahat na ang asasinasyon kay Ninoy ay nagsindi ng apoy ng protesta sa mga Filipino. Ang lahat ng sektor ng lipunan, ang mayayaman at panggitnang uri ay nagmartsa kasama ang mahihirap, ang mga propesyunal kasama ang mga manggagawa at walang trabaho. Ang mga protesta na isinagawa ng mga tao ay nagresulta sa isang lumalaking kaguluhan sa bansa. Ito ang nag-udyok kay Pangulong Marcos upang magpahayag ng isang mabilisang eleksiyon noong Nobyembre 3, 1985.

Sino sa iyong palagay ang napili na tumakbo sa pagka-pangulo laban kay Marcos?

---

---

---

---

Bakit sa iyong palagay?

---

---

---

---

Isang buwan bago ipahayag ni Marcos ang mabilisang eleksiyon, pinag-iisipan na ng oposisyon na kumbinsihin si Cory upang tumakbo bilang pangulo. Inilunsad ni Joaquin “Chino” Roces ang (CAPM) o ang “Cory Aquino for President Movement”. Si Cory, sa kabilang dako, ay pumayag lamang na tumakbo kung magpapatawag si Marcos ng mabilisang eleksiyon at ang CAPM na kumalap ng isang milyong pirma na pabor sa kanyang pagkakandidatura.

Noong Nobyembre 30, ipinakita ng CAPM ang isang milyong pirma kay Cory. Samantala, noong Disyembre 2, ang *AFP Chief of Staff* na si Fabian Ver at ang kanyang mga tauhan ay napawalang sala ng Sandigan Bayan mula sa mga kaso na iniharap laban sa kanila tungkol sa asasinasyon ni Ninoy. Pagkaraan ng isang araw, noong Disyembre 3, idineklara ni Cory ang kanyang kandidatura sa ilalim ng *United National Democratic Organization (UNIDO)*, kasama ang dating Senador Salvador Laurel bilang kakampi.



## Pag-aralan at Suriin Natin

Ipinakita sa talaan ang pagkakasunod-sunod na pangyayari sa mabilisang eleksiyon noong 1986.

Petsa (1986)	Pangyayari
Pebrero 5	Milyong katao ang dumalo sa <i>miting de avance</i> ni Cory Aquino. Ang <i>National Movement for Free Elections (NAMFREL)</i> , na pinamumunuan ni Jose Concepcion, ay nagpahayag na magtatalaga ito ng mga tagabantay upang maiwasan ang dayaan sa pagbibilang ng mga balota.
Pebrero 7	Araw ng Eleksiyon  Nagpakalat ang NAMFREL ng 400,000 na boluntaryo upang tingnan ang pagboto at magbantay laban sa dayaan.
Pebrero 8	Nanguna si Cory Aquino sa talaan ng mga eleksiyon sa boto ng NAMFREL. Ang pagbibilang ng pamahalaan ay mas mabagal at ipinakita na si Marcos ang nangunguna sa karera.
Pebrero 9	Tatlung teknisyen sa kompyuter na tumatao sa mga makinang pambilang ng <i>Commission on Elections (Comelec)</i> ang nag-alisan bilang protesta sa mga pasadyang pagbabago sa mga resulta ng eleksiyon. Isang grupo na multinasyonal ay nakakita ng pagbibili ng boto, pananakot, pagnanakaw sa mga balota at napalitan ng mga boto lalo na sa Metro Manila. Kagagawan ito ng partido ng Pangulo, ang KBL.
Pebrero 11	Pormal na inumpisahan ng Batasang Pambansa ang pagsisiyasat sa mga naibalik na boto.
Pebrero 12	Nakakuha si Marcos ng malaking kalamangan laban kay Cory Aquino sa opisyal na pagsisiyasat ng boto ng Batasan.
Pebrero 14	Ang kalamangan ni Marcos kay Cory Aquino ay umabot na sa 1.5 milyon na boto, at 1.1 milyon na mga boto na lamang ang hindi nasisiyasat ng Batasang Pambansa.
Pebrero 15	Pormal na ipinahayag ng Batasang Pambansa na si Marcos ang nanalo.  Ang mga miyembro ng oposisyon sa Mababang Kapulungan ay nag-alisan bilang protesta.
Pebrero 16	Si Cory Aquino kasama ang mga sumusuporta sa kanya ay naglunsad ng sarili nilang bersyon ng rali ng pagwawagi. Nagpatawag siya ng mga protesta at boycott sa mga produkto at serbisyong pag-aari ni Marcos. Hinikayat niya ang mga tao sa isang sibil na pagsuway. Layunin nitong mapabagsak ang rehimeng Marcos. Kabilang sa kanyang listahan ay mga: 7 bangko, ang pamilihan ng Rustans at Korporasyon ng San Miguel.

<p><b>Pebrero 17</b></p>	<p>Ipinahayag ni Cory Aquino na iikot si manghikayat ng sibil na pagsuway a marahas.</p> <p>Natamaan ng husto sa boycott ang r at midya. Nagkaroon ng kabuuang P bangkong pag-aari ng mga kaibigan ang anunsyo nito mula sa Channel 4 pag-aari ng pamahalaan at sa pahay</p> <p>Nakaranas din ng hirap ang Korpora boycott. Ang mga umiinom ng serbes mga gin o alak. Tinigil ng mga kainal San Miguel beer maging ang Coca C Ang ilang kompanya ng softdrinks ay inisip ng ibang tao na ang mga ito ay Marcos. Kabilang sa mga ito ay ang:</p>
<p><b>Pebrero 19</b></p>	<p>Ang Senado sa Estados Unidos ay b sa deklarasyong nagkaroon ng “mak mabilisang eleksiyon.</p>
<p><b>Pebrero 20</b></p>	<p>Ang <i>Asst. Secretary of State</i> ng Esta Wolfowitz ay nagmungkahi sa US Hc matutuloy ang alok na tulong ng Pan Ronald Reagan sa Pilipinas habang Pangulong Marcos.</p> <p>15 diplomat mula sa iba't ibang bans Switzerland, Norway, Finland, Swede Netherlands, France, Spain, Belgium Germany ang nangako ng suporta k sa kanila na handa siyang umupo sa lalong madaling panahon.”</p>



## Magbalik-aral Tayo

Sagutin ang sumusunod na tanong base sa iyong nabasa sa itaas.

1. Sa palagay mo, sino ang talagang nanalo? Si Marcos ba o si Aquino? Ipaliwanag ang iyong sagot.

---



---



---

2. Ano sa iyong palagay ang dahilan o mga dahilan kung bakit si Cory Aquino, ang asawa ng namatay na si Ninoy Aquino, ay sumang-ayon na tumakbo para pagka-pangulo at hamunin si Marcos?

---



---



---

3. Nagsabi ang pamahalaan sa ilalim ni Pangulong Marcos na mapayapa at malinis ang mabilisang eleksyon noong 1986. Sang-ayon ka ba dito? Bakit o bakit hindi?

---

---

---


4. Ilarawan ang pakikilahok ng mga tao sa mabilisang eleksiyon noong 1986.

---

---


---

Natapos mo bang sagutan ang mga tanong? Kung oo, ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa mga pp. 43–44.



## Alamin Natin

Narito ang linya ng panahon na nagpapakita ng mga pangyayari at mga taon kung kailan naganap na nagbigay-daan sa Rebolusyong EDSA 1986.



Ano ang sinasabi sa iyo ng linya ng panahon?

---

---

---

---

Nagpapakita ang linya ng panahon na may tatlong pangunahing pangyayari sa ating kasaysayan na naging ugat ng Rebolusyong EDSA 1986—ang panahon ng batas militar, ang asasinasyon ni Ninoy Aquino, at ang Mabilisang Eleksiyon.



Nagsimula ang pakikipaglaban ng mga Filipino para sa kalayaan nang maideklara ang batas militar noong Setyembre 21, 1972. Ngunit, kaunting Filipino lamang ang nagsimulang lumaban sa pang-aabuso ng pamahalaan at ng militar dahil marami sa kanila ang natatakot. Sa loob ng halos sampung taon, maraming Filipino ang nanatiling tahimik tungkol sa katiwalian sa pamahalaan, at mga pang-aabuso ng militar. Masasabi na ang mga Filipino ay nabuhay sa kadiliman at pananahimik.

Ano ang nagbigay-wakas sa pananahimik ng mga tao?

---

---

---

---

Natapos ang kanilang pananahimik noong Agosto 21, 1983 nang biglang patayin si Ninoy Aquino. Ang hayagang demonstrasyon ng masa laban sa pamahalaan ay nangyari matapos ang kanyang pagkamatay. Hindi na nais ng mga tao na manatiling tahimik. Nang lumaki ang mga demonstrasyon ng masa, ang pamahalaan sa ilalim ni Marcos ay nagsimulang mayanig. Nagsimula nang mawala ang pagtitiwala ng taumbayan kay Marcos, maging ng internasyonal na komunidad. Ito ang nagtulak sa kanya na magpahayag ng biglaang eleksiyon noong 1986. Dahil sa malawakang pandaraya at iregularidad noong eleksiyon, na kagagawan ng namumunong partido—KBL, natalo si Cory Aquino laban kay Pangulong Marcos. Subalit tanda din ng kanyang pagkatao ang pagkapanalo ni Marcos. Nawala sa kanya ang tiwala ng mga tao.

Paano naging sanhi ang mga pangyayaring ito upang maganap ang Rebolusyong EDSA 1986?

---

---

---

---

---

Nagpapakita ang mga pangyayaring ito na nag-alsa ang mga Filipino laban sa pamahalaang Marcos dahil nais nila ng pagbabago sa kasalukuyang sistema ng pamamahala.

Sinasabi na naganap ang mga rebolusyon kapag dumating na sa sukduhan ang mga tensiyon sa pagitan ng magkalabang partido. Sinasabi sa atin ng kasaysayan, na sa ganitong panahon ng kahirapan at kagipitan napukaw ang makabayang damdamin ng mga Filipino at maraming magiging na tao ang lumaban sa kadiliman.

Maraming Filipino ang nagdusa at nagsakripisyo. Marami sa kanila ang dinakip at ikinulong nang walang paglilitis. At marami din ang nawala at magpahanggang ngayon ang iba ay hindi pa rin natatagpuan.

Ilan lamang ang mga ito sa mga pangyayari na nagbigay ng matinding damdamin sa mga Filipino, na sa loob ng maraming taon ay nanatiling tahimik dahil sa takot na mamatay. Subalit, ang mga pangyayari tulad ng asasinasyon ng mga pinuno sa politika, karahasan sa mga protesta at gawaing terorismo ay binabayaang dumaloy ang mga emosyong ito. Iniwanan sila ng isang pagpipilian, at ito ang pagpili sa kalayaan sa halip na mabuhay sa kadiliman ng batas militar.



## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Ipaliwanag kung paanong ang sumusunod na mga tao at pangyayari ay naging dahilan upang maging posible ang rebolusyon sa EDSA.

1. Ferdinand Marcos at batas militar.

---

---

---

2. Ninoy Aquino at ang kanyang asasinasyon.

---

---

---

3. Cory Aquino at ang Mabilisang Eleksyon noong 1986.

---

---

---

Matapos mong sagutan ang pagsusulit, ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 45.



## Tandaan Natin

Tatlong pangunahing pangyayari sa ating kasaysayan ang nagtulak sa pagkakaroon ng Rebolusyon sa EDSA. Ang mga ito ay:

- ◆ Ang panahon ng batas militar: kapag lalong pinagsamantalahan at inabuso ang mga tao, lalo silang makikibaka para sa kalayaan.
- ◆ Ang asasinasyon kay Ninoy Aquino: samantalang naramdaman ng mga tao na nawalan sila ng isang mabuting pinuno, naisip nila na ang kalayaan ng isang bansa ay karapat-dapat pag-alayan ng buhay.
- ◆ Ang Mabilisang Eleksyon noong 1986: nagbigay ang pangyayaring ito sa mga tao ng pag-asa na maaaring makamtan ang pagbabago sa paraang mapayapa kung mananalo laban kay Marcos si Cory Aquino.

Subalit, dahil sa nakitang mga iregularidad noong eleksyon na pinagdududahang ginawa ni Marcos at ng kanyang mga tagasuporta. Ang pagpapahayag ng pagkapanalo ni Marcos ay lalong nagpalakas sa kagustuhan ng mga Pilipino upang mapatalsik siya.

## Ang Pagpapatalisik sa Isang Diktador

Natutuhan mo sa aralin 1 ang mga pangunahing pangyayari na nagsilang sa Rebolusyong EDSA 1986.


Sa araling ito mas marami ka pang matututuhan tungkol sa rebolusyon, kung bakit ipinagmamalaki ito ng mga Filipino at kung bakit humanga sa mga Filipino ang mga nakasaksing tao dito at sa ibang bansa. Tumatalakay ang araling ito sa mga pangyayari apat na araw ng rebolusyon. Tatalakay din ito sa mga bayani na lumitaw sa kahanga-hangang bahaging ito sa ating kasaysayan.

Matapos pag-aralan ang araling ito, maaari mo nang tukuyin at ipaliwanag ang mga pangyayari sa Rebolusyong EDSA 1986.



### Subukan Natin Ito


Makikita mo sa ibaba ang mga simbolo na ginamit noong Rebolusyong EDSA 1986. Pangalanan sila at isulat ang iyong mga sagot sa mga patlang.



a. \_\_\_\_\_



b. \_\_\_\_\_



c. \_\_\_\_\_



d. \_\_\_\_\_

Matapos mong sagutan ang pagsusulit, ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 46. Kamusta ito? Nagawa mo bang pangalanan ang lahat ng mga simbolo? Kung oo, magaling! Kung hindi, huwag mag-alala. Magpatuloy sa pag-aaral ng araling ito at marami kang matutuhan tungkol sa Rebolusyong EDSA.



## Pag-aralan at Suriin Natin

### Pagkakasunod-sunod ng Pangyayari sa Rebolusyong EDSA 1986.

Ang mga pangyayari matapos ang mabilisang eleksyon noong 1986 ay nagpabago sa kasaysayan ng Pilipinas. Basahin natin ang kuwento sa ibaba upang malaman ang mga ito.

Ang takbo ng mga pangyayari noong 1986 Mabilisang Eleksiyon ay sadyang napakabilis...

**Unang araw: Sabado, Pebrero 22, 1986**

Sa isang pagpupulong kasama ang midya, ipinahayag ng noo'y Vice Chief of Staff Lt. General Fidel V. Ramos at Ministro ng Depensa na si Juan Ponce Enrile ang pag-aalis ng kanilang suporta kay Pangulong Marcos. Kasabay nito, nanawagan sila para sa kanyang pagreretiro. Inilahad nila na nagkaroon ng malawakang pandaraya noong nakaraang eleksiyon. Idineklara din nila na si Cory Aquino ang tunay na nagwagi.



Tumawag si Ramos sa Sandatahang Lakas na sumanib sa kanilang rebelyon. Humingi ng suporta si Enrile kay Archbishop Jaime Cardinal Sin.



Nanawagan si Cardinal Sin sa radyo Veritas para magdala ng pagkain ang mga tao at magbigay ng suporta sa mga rebeldeng militar.



Kung nakikinig ka sa radyo noong panahong iyon, magdadala ka ba ng pagkain para sa mga sundalo? Bakit o bakit hindi?

---

---

---

---

**Ikalawang Araw: Linggo, Pebrero 23, 1986**




Libu-libong mga tao ang nagsimulang magtipon sa labas ng mga kampo ng rebelde. Nagdala sila ng mga suplay at pagkain para sa mga sundalo. Gumawa rin sila ng mga barikada sa labas ng mga bakod ng kampo upang harangan ang mga posibleng pagsalakay.


Ang tore ng transmisyong Radyo Veritas sa Malolos, Bulacan ay sinabotahang ng mga amadong kalalakihan. Nagresulta ito sa kawalan ng balita tungkol sa rebelyon sa Maynila at Lungsod Quezon patungo sa mga lalawigan.



Alas diyes ng umaga, nanawagan si Enrile gamit ang Radyo Veritas para sa mas maraming sibilyan sa labas ng mga kampo ng rebelde. Sinabi ni Ramos na ang "kapangyarihang moral ng galit na taumbayan" ay sapat na upang pigilan ang loyalistang puwersa sa paraang walang dahas. Tinawag ni Ramos ang rebolusyon na "isang rebolusyon ng mamamayan."



Isang malaking grupo ng mga armadong sundalo at mga tangke ang papalapit noon sa mga kampo gamit ang Ortigas Avenue. Subalit, pinigilan sila isang milya mula sa mga gate ng libu-libong tao. Binantaan ng militar na magpapaputok sila kung hindi maghihiwalay ang mga tao. Nanatili ang mga tao sa kanilang kinatatayuan at kumanta ng "Ang Bayan Ko," at nagdasal. Inalok din nila ang mga sundalo ng mga sigarilyo at tinapay. Nang sinubukan ng mga sundalo na sumulong, ang mga tao ay kumanta ng mas malakas at lalo pang nagdasal. Hindi nagtagumpay ang mga sundalo na paalisin ang mga tao at umurong nang hindi man lamang nagpaputok kahit minsan.



Sa buong hapong iyon, nakipag-usap kay Enrile ang mga pinuno ng oposisyon tungkol sa pagbubuo ng isang probisyunal na pamahalaan—pansamantalang pamahalaan na si Aquino ang pangulo. Pagdating ng alas siyete ng gabi, nangako si Ramos na ilalagay ang "Bagong Sandatahang Lakas" sa ilalim ng "mga bagong hirang na awtoridad." Tinutukoy niya ang posibleng probisyunal na pamahalaan na pamumunuan ni Aquino.


### **Ikatlong Araw: Lunes, Pebrero 24, 1986**

Alas dose ng gabi, lumabas si Pangulong Marcos sa telebisyon at nagpahayag na hindi siya magbibitiw.



"Kaya kong wasakin ang rebelyong ito kung nararandaman kong sukduhan na. Wala akong sakit. Malakas ako. Hindi ako magbibitiw. Ako pa ang mamumuno sa mga sundalo laban kay Enrile at Ramos. Naaamoy ko ang pulbura ng baril tulad sa matandang kabayong pandigma".


Noong araw na iyon, ang mga loyalistang sundalo ay umatake sa mga barikada ng tao gamit ang mga teargas at mga batuta malapit sa Kampo Crame.




Ang mga usap-usapan ay kumakalat na si Pangulong Marcos at ang kanyang pamilya ay umalis na sa bansa at nasa Guam. Nagsaya ang mga tao sa pagpapalagay na sila ay nagwagi.




Subalit, pinasungalingan ni Marcos ang usap-usapan na umalis siya sa bansa sa isang istasyon ng telebisyon, sa Channel 4. Idineklara niya na hindi siya aalis ng bansa at nagdeklara ng *state of emergency*.



Naputol ang pagsasalita ni Marcos nang pasukin ng mga puwersang rebelde ang istasyon. Pagkaraan ng ilang oras, ang channel 4 ay nasa kontrol na ng mga rebelde at tinawag itong "Radyo Pilipino."



Ang mga loyalista ni Marcos, sa kabilang dako, ay nagsagawa ng kontra-atake at kinuha ang pribadong channel 7.





Noong 7:30 ng gabi, hiniling ng pamahalaan ng Estados Unidos sa isang opisyal na pagpapahayag na magbitiw si Marcos upang maiwasan ang karahasan. Pagkalipas ng isang oras, sumagot si Marcos sa pahayag ng Estados Unidos na hindi siya magbibitiw at lalaban siya hanggang sa huling patak ng kanyang dugo.



Ipinatupad ang isang 6:00 n.u. hanggang 6:00 n.g. na curfew. Ngunit hindi ito pinansin ng mga tao at nagpatuloy sila na magtipon sa mga barikada.

**Ikaapat na Araw: Martes, Pebrero 25, 1986**

**10:15 n.u.** Kahit na may panganib sa pagbubuo ng bagong pamahalaan, si Cory Aquino ay iniluklok sa puwesto sa pamanagitan ni *Supreme Court Senior Justice* Claudio Teehankee bilang unang babae at ikalabing isang pangulo ng Republika ng Pilipinas. Ang pangyayari ay ginanap sa Club Filipino.



Iniluklok si Salvador Laurel bilang bise-presidente. Hinirang si Ramos bilang *Chief of Staff* ng Sandatahang Lakas habang si Enrile naman bilang Ministro ng Depensa.



Samentala . . .  
Nanumpa si Marcos sa Palasyo ng Malacanang. Ang kanyang kakampi, si Arturo Tolentino ay wala noong panahong iyon.



Habang nagaganap ang panunumpa, ang transmisyon sa channel 2, 9 at 7 ay naputol nang kontrolin ito ng mga rebeldeng sundalo.



9:50 n.g. Si Marcos at ang kanyang pamilya ay umalis sa bansa at nagtungo sa Hawaii kasama si Heneral Ver at ilan sa kanyang mga alalay.



Ipinagdiwang ng taumbayan ang pag-alis ni Marcos. Sumisigaw ang mga tao "Araw ng Kalayaan ngayon!" Sumiklab ang mga paputok habang sumasayaw sa tuwa ang mga tao.




## Magbalik-aral Tayo

Ayusin ang mga sumusunod na pangyayari ayon sa pagkakasunod-sunod. Isulat ang bilang 1–10, kung saan 1 ang naunang maganap, at 10 ang panghuli. Isulat ang iyong mga sagot sa mga kahon na ibinigay bago ang bawat bilang.

1. Malalaking tropa ng sundalo at mga tangke ang dumating sa mga kampo at hinarangan ng mga walang takot na mamamayan.
2. Nanumpa si Ferdinand Marcos sa Palasyo ng Malacanang.
3. Libu-libong tao ang nagtipon sa labas ng mga kampo ng rebelde at nagbigay ng mga suplay at pagkain sa mga rebeldeng sundalo.

- 4. Umalis ang mga sundalo na hindi man lamang nagpapatok.
- 5. Nagbanta ang mga sundalo na magpapatok kung hindi maghihiwalay ang mga tao, ngunit nanatili ang mga tao habang sila ay nagdarasal at kumakanta.
- 6. Ipinahayag nina Ramos at Enrile na lilisanin nila ang kampo ni Marcos.
- 7. Pinasungalingan ni Marcos ang mga usap-usapan na aalis siya ng bansa. Nagdeklara siya ng isang *state of emergency*.
- 8. Nanawagan si Manila Archbishop Jaime Cardinal Sin sa mga tao na suportahan ang mga rebeldeng sundalo.
- 9. Si Marcos kasama ang kanyang pamilya at ilang mga tauhan ay lumisan sa bansa patungong Hawaii.
- 10. Iniluklok sa puwesto ni *Supreme Court Justice* Claudio Teehankee si Cory Aquino bilang ikalabing isang Pangulo ng Pilipinas.

Matapos mong sagutan ang pagsusulit, ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 46–47. Kung nakakuha ka ng 8-10 tamang sagot, magaling! Kung nakakuha ka ng 7 pababa, balik-aralin ang mga bahagi sa pagsasanay na iyong hindi nasagutan nang tama.



## Alamin Natin

Ang Rebolusyong EDSA 1986 ay mahalagang bahagi ng ating kasaysayan dahil nagkaisa ang mga tao para sa iisang hangarin. Hindi na mahalaga kung sino sila, mayaman o mahirap, naging isa sila sa pagtataguyod ng isang mabuting layunin. Ang sandatahang lakas, kung saan noong panahon ng batas militar ay lumikha ng sindak sa buhay ng mga Pilipino, ay nabawi ang dignidad. Patunay sa kanilang sinumpaang misyon, nagsilbi sila sa mga tao, nagtanggol at tumulong na palayain ang bansa mula sa diktadura.

Noong panahon ng rebolusyon, sumisigaw ang lahat para sa kalayaan. Ang lahat ng tao ay nagpapakita kung ano ang magagawa ng “*people power*”. Ang lahat ay nagdarasal at kumakanta. Ang mga Pilipino na nakilahok sa rebolusyon, ay magiting na tumayo sa kanilang paniniwala. Para sa kanila, sawang-sawa na sila kay Marcos at nais nila ng mga pagbabago at reporma. Una sa kanilang listahan na palitan ang kanilang pinuno, na kanilang nakamtan sa wakas.



## Alamin Natin ang iyong mga Natutuhan

Sagutan ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang mga kontribusyon ng sumusunod na mga tao sa Rebolusyong EDSA 1986? Isulat ang iyong mga sagot sa loob ng talaan.

Pangalan	Ki
a. Cory Aquino	
b. Arsobispo Jaime Cardinal Sin	
c. Fidel Ramos	
d. Juan Ponce Enrile	
e. Media	

2. Ilarawan ang pakikilahok ng mga tao noong Rebolusyong EDSA 1986.

---

---

---

3. Kung ikaw ay naroroon na noong Rebolusyong EDSA 1986, ano sa iyong palagay ang maibabahagi mo?

---

---

---

Matapos mong sagutan ang pagsusulit, ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa mga pp. 47–49 .



## Tandaan Natin

Binabati kita! Ito na ang katapusan ng Aralin 2. Bago ka magtungo sa susunod na aralin, narito ang mahahalagang punto na dapat tandaan.

- ◆ Ang Rebolusyong EDSA 1986 ay rebolusyon ng taumbayan. Ang pagkakaisa at suporta ng mga tao ang naging dahilan upang makamit ang pagwawaging iyon.
- ◆ Pebrero 22, 1986 – Unang araw ng Rebolusyong EDSA
  - Ang Ministro ng Depensa na si Juan Ponce Enrile at *Vice Chief of Staff* Lt. Heneral Fidel Ramos ay nagpahayag ng kanilang pag-alis ng suporta kay Marcos. Idineklara din nila na si Cory Aquino ang karapat-dapat na nagwagi at hindi si Marcos.
  - Nanawagan sina Enrile at Ramos para sa suporta ng mga tao, simbahan at Sandatahang Lakas.
  - Tumugon si Arsobispo Jaime Cardinal Sin sa panawagan nina Enrile at Ramos at hinikayat ang mga tao na sumuporta sa kanila.
- ◆ Pebrero 23, 1986 – Ikalawang araw ng Rebolusyong EDSA
  - Libu-libong tao ang tumugon sa panawagan ni Arsobispo Jaime Cardinal Sin. Nagdala sila ng mga pagkain at suplay para sa mga rebeldeng sundalo.
  - Libu-libong tao ang nagbarikada. Hindi nila pinahintulutan na makarating sa mga bakod ng kampo ang tropa ng militar habang nanatili silang matigas sa kanilang kinatatayuan, kumakanta at nagdarasal.
  - Umalis ang mga militar nang hindi man lamang nagpaputok kahit isa.
  - Nangako sina Ramos at Enrile ng suporta sa pinaplanong probisyunal na pamahalaan na pamumunuan ni Cory Aquino.
- ◆ Pebrero 24, 1986 – Ikatlong araw ng Rebolusyong EDSA
  - Nagpakita sa telebisyon si Pangulong Marcos at ipinahayag na hindi siya magbibitiw.
  - Ipinahayag ni Marcos na hindi siya aalis ng bansa at nagdeklara ng state of emergency.
  - Itinakda ang curfew ngunit hindi ito pinansin.
  - Ang pagkontrol sa media ay sumunod sa pamamagitan ng mga kampong rebelde at loyalistang sundalo.

- ◆ Pebrero 25, 1986 – Ikaapat na araw ng Rebolusyong EDSA
  - Nanumpa si Cory Aquino bilang ikalabing isang Pangulo ng Republika.
  - Nanumpa si Salvador Laurel bilang bise presidente. Nahirang si Ramos bilang *Chief of Staff* ng Sandatahang Lakas at si Enrile bilang Ministro ng Depensa.
  - Eksaktong alas dose ng tanghali, nanumpa si Marcos sa Palasyo ng Malacañang.
  - Si Marcos at ang kanyang pamilya kasama si Ver at ang mga tauhan nito ay nagtungo sa Hawaii.
  - Natapos na ang rebolusyon.

## Ang Nagkakaisang Taumbayan Hindi Magagapi Kailanman

Pamilyar ba sa iyo ang kantang “Magkaisa”? Kung pamilyar ito sa iyo, magaling. Natatandaan mo pa ba ang mga titik sa kanta?

Ang kantang “Magkaisa” ay ang popular na temang kanta noong Rebolusyong EDSA 1986. Nilikha ito ni Senador Tito Sotto at Homer Flores. Nakasulat sa ibaba ang mga titik ng kanta. Marahil ay maaari mong hilingin sa iyong tagapangasiwa o guro na ituro sa iyo ang himig ng kanta.

**Magkaisa**  
Ngayon ganap ang hirap ng mundo  
Unawa ang kailangan ng tao  
Ang pagmamahal sa kapwa’y ilaan  
Isa lang ang ugat ng ating pinagmulan  
Tayong lahat ay magkalahi  
Sa unos at agos ay huwag padala  
Panahon na (may pag-asa kang matatanaw)  
Ng pagkakaisa (bagong umaga, bagong araw)  
Kahit ito (sa atin Siya’y nagmamahal)  
Ay hirap at dusa  
Magkaisa (may pag-asa kang matatanaw)  
At magsama (bagong umaga, bagong araw)  
Kapit kamay (sa atin Siya’y nagmamahal)  
Sa bagong pag-asa (sa atin Siya’y nagmamahal)  
Ngayon may pag-asang natatanaw  
May bagong araw, bagong umaga  
Pagmamahal sa Diyos, isipin mo tuwina

Ayon sa awit, ano ang maaaring magawa ng pagkakaisa ng mga tao sa isang nasyon na nasa krisis?

---

---

---

---

Nagpapahiwatig ang kanta ng pangangailangan para sa pagkakaisa at pagkakaunawaan ng mga Pilipino upang malampasan ang mga krisis na hinaharap at kakaharapin pa. Nangangahulugan ito na ang pagkakaisa ay hindi lamang nababagay sa oras ng rebolusyon, ngunit sa anumang oras na nahaharap ang bansa sa krisis o kahirapan. Masasabi na ang pagkakaisa ay epektibong pamamaraan upang makamtan ang isang pangkalahating layunin.

Natutuhan mo sa Aralin 2 na nagwagi ang mga tao sa rebolusyon dahil sa kanilang pagkakaisa. Ang araling ito ay tatalakay sa mga aral na maaari nating makuha mula sa Rebolusyong EDSA 1986.

Sa dulo ng araling ito, maaari mo nang malaman ang kahalagahan ng pagkakaisa at kooperasyon sa pagbubuo ng isang bansa. Kailangan mo ring malaman kung paano gagamitin ang mga ito sa iyong sariling buhay.

Huli sa lahat, inaasahan na matapos mong pag-aralan ang araling ito ay tunay na ipagmamalaki mo ang pagiging isang tunay na Filipino.



## Basahin Natin

Para sa maraming Filipino na nakasaksi sa pangyayari, isinalaysay nila na ang tagumpay na kanilang nakamtan noong rebolusyon ay gawa ng Diyos at tagumpay ng mga tao. Sapagkat libu-libong mga tao ang dumagsa sa EDSA upang ipakita na buhay sa kanila ang damdaming makabansa. Ipinakita ng mga tao na ang pananampalataya sa Diyos at pagkakaisa nila ay maaaring gawing posible ang isang imposible; ang patalsikin ang isang diktador na namuno sa loob ng dalawampung taon.

Narito ang isang bahagi sa artikulo na sinulat ni Miguel Mella ng Ateneo de Manila University ukol sa Rebolusyong EDSA. Basahin itong mabuti at sagutan ang mga sumusunod na tanong.

... Ngunit sinabi sa akin ng aking mga magulang ang katotohanan: hindi ako bahagi sa Rebolusyong EDSA. Sa halip, nanatili ako sa bahay, na pinag-aaralan pang matutuhan kung paano gamitin nang wasto ang palikuran.

Oo, mga ginoo at binibini, halos wala akong alam tungkol sa Rebolusyong EDSA. Maliban na lamang marahil mula sa aking natutuhan mula sa makabagbag-damdamin, nakaiiyak, at nakapapagod na salaysay ng mga tao—na nakakita ng mga tangke, na kumakalabog ang mga puso, dahil kung sinumang naroon ay magpapatok ng baril, o gumawa ng malakas na ingay, siguradong sila ay sasagasaan ng mga tangke – at ang iba pang espesyal na parangal na madalas ipinakikita.

At marahil ay uulitin ko lamang ang mga nasabi na, o marahil ganito lamang ako. Ngunit naniniwala ako na ang EDSA ay hindi lamang tungkol sa pagpapatalsik sa mga Marcos palabas sa trono ng pagkapangulo, at ng wasak na bansa. Di rin ito tungkol sa pakikipaglaban matapos ang maraming taon ng kawalan ng hustisya, ng opresyon, at takot.



Tungkol ito sa mga tao. Tungkol ito sa mayayaman at mahihirap, sa matatanda at sa mga bata, ang mga wardo at atleta, ang pagkawala ng kanilang istatus, pagkakapit-kamay, sama-samang pagtayo sa mahabang daan, at sa loob ng isang sandali, sila ay mga Pilipino. Lahat sila, iisa lamang.

Ito ay tungkol sa kapangyarihan ng mga tao.

Pinagkunan: <http://library.thinkquest.org/15816/therevolution.article5.html>



## Magbalik-aral Tayo

Sagutan ang mga sumusunod na tanong:

1. Sumasang-ayon ka ba sa artikulo o hindi? Hindi lamang ba tungkol ang rebolusyon sa EDSA noong 1986 sa pagpapatalsik kay Marcos ngunit tungkol din ba sa magagawa ng pagkakaisa sa isang wasak na bansa tulad ng sa atin? Ipaliwanag ang iyong sagot.

---

---

---

2. Sa iyong sariling salita, ano ang kahulugan “*people power*?”

---

---

---

3. Gaano kalakas ang *people power*?

---

---

---

Matapos mong sagutan ang mga tanong, ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa mga pp. 49–50.




## Pag-isipan Natin

Kompletuhin ang mga pangungusap sa ibaba sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga katangian ng mga Filipino na dapat nating ipagmalaki.

1. Marami ang natatakot kay Marcos noong pangulo pa siya. Marami sa mga nangahas na lumaban sa kanya ay naaresto, nakulong, ipinatapon, nawala o pinatay. Noong humiwalay sina Enrile at Ramos mula kay Marcos at nag-alis ng kanilang suporta sa dating pangulo, alam nila na ang kanilang mga buhay ay nasa panganib. Subalit, hindi ito humadlang sa kanila sa paggawa ng isang bagay na mahalaga sa kanilang palagay. Bumuo sila ng rebeldeng pangkat ng Sandatahang Lakas at kinuha ang panig ng mga tao. Tunay na sila ay \_\_\_\_\_.
2. Bilang Arsobispo ng Maynila, si Jaime Cardinal Sin ay iginagalang at popular sa mga Kristiyanong Filipino. Halos lahat (mga pari, madre, mag-aaral, manggagawa at marami pang iba) ay nakikinig sa kanya para sa mga payo. Nang sinuportahan niya ang kandidatura ni Cory Aquino noong mabilisang eleksiyon, at sinuportahan sina Ramos at Enrile, maraming tao ang tumugon nang positibo. Si Cardinal Sin, ay tunay na napaka \_\_\_\_\_ tao.
3. Ang mga tunay na bayani sa Rebolusyong EDSA 1986 ay ang sambayanang Filipino. Libu-libong tao ang nakibahagi dito na hindi iniisip kung sino ang kanilang kasama. Ang mayayaman at mahihirap ay nagkaisa sa pagtataguyod ng iisang layunin, ang pagpapatalis kay Pangulong Marcos at palitan siya ni Cory Aquino. Ipinakita ng sambayanang Filipino sa buong mundo na sila ay tunay na \_\_\_\_\_.

Matapos mong sagutan ang pagsusulit, ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 50.



## Alamin Natin

Ang Rebolusyong EDSA 1986 ay nagturo sa atin ng maraming bagay. Pinatunayan nito na ang demokrasya ay makikita sa ating bansa. Ibig sabihin, nasa taumbayan ang kapangyarihan ng estado. Ang kapangyarihan ng mga tao ay mas malakas kaysa kapangyarihan ng pinuno. Ang isang pinuno ay walang silbi kung nawala na sa kanya ang tiwala ng mga tao.

Responsibilidad ng pamahalaan na pagsilbihan ang mga tao, ang magbigay para sa kanilang mga pangangailangan at ang magdesisyon kung ano ang nakabubuti para sa kanila. Kung nabigo ang pamahalaan na tugunan ang mga responsabilidad at sa halip na maging tagapagsilbi sa mga tao, ay siya pang pinagsilbihan, darating ang panahon na mawawala ang kontrol nito sa kanyang mga tao. At kukunin ng mga tao ang lahat ng kapangyarihan at awtoridad na ipinagkatiwala nila sa pamahalaan.

Natutuhan mo sa mga nakaraang aralin na ang panahon ng batas militar ay itinuturing na pinakamadilim na bahagi sa kasaysayan ng ating bansa. Mangyari’y ang panahong iyon ay puno ng sindak at sakit. Maraming tao ang nagdusa sa mga pang-aabuso ng militar. Ngunit ang panahon, tulad ng ibang pagkakamali o negatibong pangyayari, ay maaaring matandaan sa paraang positibo. Ibig sabihin, natututo tayo habang tayo’y nagpapatuloy. Kung hindi tayo nagkakamali o hindi natin batid na nagagawa natin ang mga pagkakamali, hindi tayo kailanman matututo. Ang mga kalupitang dinanas ng mga Filipino sa panahong iyon ay nagpagising sa damdaming makabayan sa kanila. Dahil sa mga pagdurusa ng mga tao, naisip nila na mayroon silang mga karapatan, at ang mga karapatang ito ay kailangang igalang. Sa panahong iyon, nakilala ang mga bagong mga bayani tulad ni Ninoy Aquino, kung saan ang kamatayan niya ang nagtulak sa mga Pilipino na maisip na ang kalayaan ay karapat-dapat pag-alayan ng buhay.

Inuulit lamang ba ng kasaysayan ang kanyang sarili?

---

---

---

---

Maaaring oo at hindi ang mga sagot. Maaaring mangyari itong muli kung, pahihintulutan natin ito. Kapag kinalimutan natin ang nakaraan, hindi natin mababatid na ginagawa nating muli ang katulad na pagkakamali na nangyari sa naunang henerasyon. Halimbawa, kung kinalimutan ng mga pinuno sa hinaharap na kailangan silang magsilbi sa mga tao sa halip na pagsilbihan, muling kukunin ng mga tao ang karapat-dapat na kanila—ang kapangyarihan at awtoridad ng mga pinuno. Kung kaya, kung ganito ang magiging kaso, panibagong rebolusyon ang magaganap, at nangyari nga...



## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

1. Ano ang mangyayari kung hindi tayo matututo mula sa ating mga kamalian?

---

---

---

2. Paano natin maiiwasan na muling ulitin ng kasaysayan ang kanyang sarili?

---

---

---

3. Mula sa iyong mga natutuhan sa mga nakaraang aralin, ilaran ang lahat ng mga aral na maaaring makuha mula sa Rebolusyong EDSA 1986. Iilaran ang lahat ng iyong maisip sa mga patlang na ibinigay sa ibaba. Kung ang mga patlang ay hindi sapat, maaari mong isulat ang iyong mga sagot sa ibang papel.

- a. \_\_\_\_\_
- b. \_\_\_\_\_
- c. \_\_\_\_\_
- d. \_\_\_\_\_
- e. \_\_\_\_\_

Matapos mong sagutan ang pagsusulit, ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 51.

## Tandaan Natin



- ◆ Dakila ang mga Filipino. Sila ay matatapang, magigiting, matatalino at relihiyoso.
- ◆ Ang mga taong nagkakaisa ay hindi matatalo kailanman. Kung ang mga kagustuhan ng mga tao ay ipinahahayag sa isang nagkakaisang tinig, kailangang makinig ng mga pinuno.
- ◆ Nagawang mapatalsik ng mga Pilipino si Pangulong Marcos dahil nagkaisa sila.
- ◆ Ipinakita ng Rebolusyong EDSA 1986 na ang mga rebolusyon ay maaaring makamantan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng mga tao, hindi lamang sa pamamagitan ng armas.
- ◆ Dapat magsilbi sa mga tao ang pamahalaan. Kailangan nitong matugunan ang kagustuhan ng mga tao. Mahalaga sa lahat, kailangan nitong makinig sa mga tao. Kung nabigo ang isang pamahalaan na gampanan ang mga obligasyon nito, kahit na gaano pa ito kalakas, siguradong babagsak ito.

Binabati kita! Ito na ang wakas ng modyul. Kamusta ito? Marami ka bang natutuhan mula sa modyul na ito? Kung oo, magaling! Kung may bahagi sa modyul na ito na hindi malinaw sa iyo, muling pag-aralan ang modyul. Maaari ka ding magtanong sa iyong tagapangasiwa o guro upang maunawaan mo ito.



## Ibuod Natin

Ang modyul na ito ay nagsasabi sa iyo na:

- ◆ Hindi natin dapat kalimutan ang kasaysayan ng ating bansa dahil maraming aralin ang mapupulot mula sa mga ito na magagamit natin sa ating kasalukuyang mga buhay at sa hinaharap ng ating nasyon.
- ◆ Tatlong pangunahing pangyayari ang nagbigay-daan sa rebolusyon. Ang mga ito ay: panahon ng batas militar, asasinasyon kay Ninoy Aquino Jr., at ang Mabilisang Eleksiyon noong 1986.
- ◆ Dahil sa pagkakaisa ng sambayanang Filipino at pananampalataya sa Diyos, naging matagumpay ang Rebolusyong EDSA 1986.
- ◆ Pinatunayan ng Rebolusyong EDSA 1986 na sa isang demokratikong lipunan, nasa mga tao ang kapangyarihan at awtoridad ng pamahalaan.
- ◆ Responsibilidad ng pamahalaan na pagsilbihan ang mga tao, upang makapagbigay para sa kanilang mga pangangailangan at upang magdesisyon kung ano ang makabubuti para sa kanila. Kung nabigo ang pamahalaan sa pagtugon sa mga responsabilidad nito at sa halip na maging tagapagsilbi sa mga tao, ay siya pang pinagsilbihan, darating ang panahon na mawawala ang kontrol nito sa kanyang mga tao, kung kaya't isinisilang ang rebolusyon.



## Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

- A. Piliin ang tamang petsa sa loob ng kahon na akma sa pangyayari na nailarawan at binigyang kahulugan sa bawat pangungusap. Isulat ang iyong mga sagot sa patlang na ibinigay.

Setyembre 21, 1972	Mayo 8, 1980	Setyembre 21, 1983
Nobyembre 3, 1985	Disyembre 3, 1985	Pebrero 7, 1986
Pebrero 9, 1986	Pebrero 16, 1986	Pebrero 22, 1986
Pebrero 23, 1986	Pebrero 24, 1986	
Pebrero 25, 1986	Agosto 21, 1983	

- \_\_\_\_\_ 1. Si Cory Aquino kasama ang mga Pilipino ay nagsagawa ng “Pambansang Araw ng dalamhati,” isang buwan matapos ang pagkamatay ng kanyang kabiyak na si Ninoy Aquino. Kasabay ito ng ikalabing-isang anibersaryo ng pagdedeklara ng batas militar.

- \_\_\_\_\_ 2. Pinatay si Aquino habang palabas ng eroplanong China Airlines. Ang pangyayaring ito ay nagpagising sa damdaming makabayan ng maraming Pilipino. Mga hayag na demonstrasyon ang sumunod matapos ang kamatayan ni Aquino.
- \_\_\_\_\_ 3. Nagdeklara si Pangulong Marcos na magkakaroon ng mabilisang eleksiyon at siya ay muling tatakbo para maihalal.
- \_\_\_\_\_ 4. Libu-libong tao ang nagsimulang magtipon sa kahabaan ng EDSA upang magbigay ng mga pagkain at iba pang suplay sa mga sundalo.
- \_\_\_\_\_ 5. Si Ninoy Aquino Jr., na nabilanggo sa loob nang walong taon, ay pinahintulutan ni Pangulong Ferdinand Marcos na magtungo sa Estados Unidos para magpaopera sa puso.
- \_\_\_\_\_ 6. Ipinahayag ni Cory Aquino ang kanyang kandidatura para sa pagkapangulo. Ang kanyang deklarasyon ay naganap isang araw pagkatapos mapawalang-sala ang AFP Chief of Staff na si Fabian Ver sa pagpatay kay Benigno Aquino.
- \_\_\_\_\_ 7. Nanumpa sina Marcos at Aquino sa dalawang magkaibang lugar sa harap ng magkaibang mga tao. Nanumpa si Marcos sa Palasyo ng Malacañang habang si Aquino ay nanumpa sa Club Filipino.
- \_\_\_\_\_ 8. Tatlung computer technician na tumatao sa mga makina ng pambilang ng Comelec ang umalis bilang protesta laban sa sinadyang pagbabago sa mga resulta ng eleksiyon.
- \_\_\_\_\_ 9. Si Cory Aquino, kasama ang kanyang mga tagasuporta ay nagsagawa ng kanilang sariling bersiyon ng “victory rally”. Nanawagan din siya para sa sibil na pagsuway, kung saan tumugon ang maraming tao.
- \_\_\_\_\_ 10. Ginanap ang makasaysayang Mabilisang Eleksiyon.
- \_\_\_\_\_ 11. Nagdeklara si Pangulong Marcos ng batas militar.
- \_\_\_\_\_ 12. Kumalat ang mga usap-usapan na si Marcos at ang kanyang pamilya ay umalis ng bansa. Pinatunayan ni Marcos na mali ang mga usap-usapan at nagdeklara na wala siyang intensiyon na lisanin ang bansa. Nagdeklara din siya ng state of emergency.

- \_\_\_\_\_ 13. Sina Vice Chief of Staff Lt. Heneral Fidel V. Ramos at Ministro ng Depensa na si Juan Ponce Enrile ay nagpahayag ng kanilang pag-alis ng suporta kay Pangulong Marcos at nanawagan para sa kanyang pagbibitiw.
- \_\_\_\_\_ 14. Sina Marcos at ang kanyang pamilya, kasama si Ver at ilan sa kanyang mga tauhan, ay nagtungo sa Hawaii.

B. Isulat kung ano ang iyong palagay tungkol sa sumusunod na pangungusap.

1. Hindi kainlanman magagapi ang nagkaisang taumbayan.

---

---

---

2. Ang mga katawan na nilikha para magsilbi ay naging mga katawan na pinagsilbihan. Isang kondisyong nagsisilang ng isang rebolusyon.

---

---

---

3. Sadyang inuulit ng kasaysayan ang kanyang sarili.

---

---

---

4. Ang Rebolusyong EDSA 1986 ay tungkol sa kapangyarihan ng mga tao.

---

---

---

5. Ang kalayaan ay karapat-dapat pag-alayan ng buhay.

---

---

---

Natapos mo bang sagutan ang pagsusulit? Kung oo, maaari mong ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa mga pp. 51–53. Kamusta ito? Nagawa mo bang sagutan ang pagsusulit na madali? Kung oo, magaling! Nangangahulugan ito na marami kang natututuhan mula sa modyul na ito. Kung hindi, iminumungkahi ko na muli mong pag-aralan ang araling ito.



## Batayan sa Pagwawasto

Maaring mag-iba ang mga sagot ayon sa opinyon ng estudyante. Ang mga sagot ay mga halimbawa lamang na maaring makatulong sa mga nag-aaral sa paggawa ng sarili nilang opinyon at palagay.

### A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? (pp. 2–3)

1. **Sang-ayon.** Maraming tao ang pinagsamantalahan ng gobyerno nang ipinairal ang batas militar. Maraming tao ang inaresto at ipinakulong nang walang paglilitis.
2. **Sang-ayon.** Marami siyang nagawang proyekto na nakatulong sa mga Filipino. Matalino din siya. Maraming mga dayuhan ang namuhunan sa ating bansa.  
**Hindi sang-ayon.** Maraming mga tao noong panahon niya ang nagalit sa kanya dahil marami siyang nilabag na mga batas sa karapatang pantao, lalong-lalo na noong panahon ng batas militar.
3. **Sang-ayon.** Maraming tao ang nagtulong-tulong upang mapabagsak ang gobyerno ni Marcos. Dahil dito, napatalsik si Marcos at nanumbalik ang demokrasya sa ating bansa.
4. **Sang-ayon.** Kahit na nanalo si Marcos sa eleksiyon, karamihan sa mga tao dito at sa ibang bansa ay naniwala na si Cory Aquino ang totoong nanalo. Mayroon ding mga ulat na nagsabing dinaya ang eleksiyon noong 1986.
5. **Sang-ayon.** Pagkamatay ni Aquino, nalaman ng mga tao na ang “karapat-dapat pag-alayan ng buhay ang kalayaan”. Nawala ang mahabang pananahimik at marami ang nagrali at nagprotesta.
6. **Hindi Sang-ayon.** Ang Batas Militar ay pinairal noong Setyembre 21, 1972. Ipinapatay si Benigno Aquino noong Agosto 21, 1983.
7. **Hindi Sang-ayon.** Ang pagiging may-bahay ni Cory ay hindi nangangahulugang wala siyang kakayanan na mamuno sa bansa. Kahit sino ay maaaring maging lider basta kaya niya at mayroon siyang integridad bilang isang lider. Ibig sabihin nito na alam niyang utang niya ang kanyang posisyon sa mga tao. Nagsisilbi sa bayan, ang isang lider at hindi siya ang pinagsisilbihan. Naging simbolo si Cory Aquino ng idealismo ng kanyang pinaslang na asawa – na gagawin ang lahat ng isang taong nais maglingkod sa bayan upang mapanatili at maprotektahan ang demokrasya.



8. **Sang-ayon.** Maraming rebolusyon ang nagwagi dahil sa pagdanak ng dugo at karahasan. Ang Rebolusyong EDSA 1986 ay isang pasubali. Ipinakita nito na ang pagkakaisa ng mga tao at pananampalataya sa Diyos ay sapat upang magtagumpay sa laban. Ang mga tao ay humarap sa tangke at mga tropa ng militar, walang dalang baril kung hindi dasal, kanta at lakas ng loob lamang.
9. **Hindi Sang-ayon.** Umalis si Marcos at ang kanyang pamilya noong Pebrero 25, 1986 hindi para ipagdiwang ang kanilang pagkapanalo. Umalis siya ng bansa dahil nawalan na ng tiwala ang mga Filipino sa kanya.
10. **Sang-ayon.** Kung hindi dahil sa mga rebeldeng sundalo, hindi mangyayari ang 1986 Rebolusyon sa EDSA. Nang humiwalay ang mga sundalo kay Marcos at kumampi sa mga tao, nawala ang kontrol at kapangyarihan ni Marcos.

**Hindi Sang-ayon.** Oo, talagang kahanga-hanga ang pag-aklas ng maraming sundalo kay Marcos at ang pagkampi nila sa sambayanan. Ngunit hindi dapat natin kalimutan ang mga taong umalis sa kanilang mga tahanan at itinaya ang kanilang mga buhay upang ipaglaban ang bansa sa mga paglusob ng militar. Ang kapangyarihan ng tao ang siyang katwiran kung bakit naging matagumpay ang Rebolusyong EDSA 1986. Ang mga taong sumuporta sa rebolusyon ang mga tunay na bayani ng Rebolusyong EDSA. Ang mga Filipino na kasama dito ay ang mga rebeldeng sundalo at mga taong nakilahok sa apat na araw na rebolusyon.

## B. Aralin 1

*Magbalik-aral Tayo (pahina 8)*

1. Kapag pinigilan ng gobyerno ang karapatan ng mga tao sa pampublikong impormasyon, pagtitipon at kalayaan sa pagpapahayag, mawawalan ng tiwala ang mga tao sa administrasyon. Maaring hindi na magtiwala ang mga tao sa gobyerno na magbubunga ng oposisyon na administrasyong iyon.
2. Mga Halimbawang Kasagutan:
  - a. Kung nabuhay ako noong panahon ng Batas Militar, sasali ako sa magigiting na Filipino na lumalaban kay Marcos. Alam ko ang panganib ng aking desisyon ngunit mas nanaisin kong mamatay para sa aking mga paniniwala kaysa sa tumahimik na lang tungkol sa mga karahasan ng militar sa taong-bayan. Sa panahong iyon, maraming hindi kilalang bayani ang lumabas hindi dahil sa gusto nilang sumikat, ngunit dahil gusto nilang magkaroon ng kalayaan ang mga Filipino.

- b. Mas nanaisin ko ang pumirmi sa loob ng bahay. Maaaring gawin ko pa rin ang mga ginagawa ko ngayon tulad ng pagpasok sa eskuwelahan o panood ng sine o pumasok sa trabaho. Ngunit sisiguraduhin kong makakauwi ako bago mag ika- 6:00 n.g. upang sumunod sa curfew. Susubukan kong magkaroon ng normal na buhay.

*Subukan Natin Ito (pahina 12)*

1. Mga Halimbawang Kasagutan

- a. Siya ay isang lider politiko na may kakayahan dahil nagsimula siyang pumasok sa politika sa murang edad at mabilis din siyang nakaakyat sa hagdan ng politika. Sa edad na 22, naging mayor siya ng Concepcion, Tarlac. Sa edad na 30, naging gobernador siya ng kanyang probinsiya. Sa edad na 35, siya ang naging pinakabatang senador ng bansa.
- b. Buong tapang niyang ipinalabas ang katiwalian sa gobyerno kahit na malakas at makapangyarihan si Marcos.
- c. Ikinulong siya ng walong taon ngunit hindi nawala ang kanyang pagmamahal sa bansa.
- d. Noong ipinatapon siya nang halos tatlong taon, maaari siyang mamuhay ng normal at mapayapa sa Estados Unidos. Kung hindi siya bumalik dito, maaaring buhay pa rin siya hanggang ngayon. Bago siya umalis ng Estados Unidos, alam niyang nakataya ang buhay niya. Ngunit nagdesisyon siyang umuwi sa ating bansa dahil naniniwala siyang narito ang laban, at hindi sa ibang bansa.
- e. Si Ninoy Aquino ay isang matapang na Filipino at magaling na lider politiko dahil kahit sa kanyang pagkamatay, nagawa niyang akayin ang mga tao patungo sa daan ng kalayaan at demokrasya.

2. Mga Halimbawang Kasagutan:

- a. Kung ako si Ninoy Aquino, babalik ako dito sa Pilipinas kahit na nangangamba ang aking buhay. Naniniwala akong “karapat-dapat pag-alayan ng buhay ang kalayaan.” Gusto kong patunayan kay Marcos na hindi ako natatakot sa kanya. Susubukan kong kumbinsihin siya na ibalik ang demokrasya. Kung ang aking pagkamatay ay magsisilbing gabay para sa mga Filipino na dapat ipaglaban ang kalayaan, nanaisin kong mamatay gaya ng pagkamatay ni Ninoy. Kagaya ng sinabi ni Luis Beltran, isang mamamahayag, na sinabi ni Ninoy, “Mamatay ako nang harapan at didipa upang malaman ng tao na hindi ako sumuko hanggang huling sandali ng aking buhay.”

- b. Mas nanaisin kong hindi na lang bumalik dahil ako naman ay isang mahalagang tao sa politika. Maraming tao ang umaasa sa akin. Hinihingi nila ang aking payo. Mas nanaisin kong manirahan sa Estados Unidos at magbigay ng payo sa mga Filipino. Sisiguraduhin kong hindi mawawalan ng pag-asa ang mga Filipino dahil sa pagkawala ng isang magaling na lider. Nais kong makita na malaya na ang bansa kasama ang mga kapwa ko Filipino.

3. Halimbawang sagot:

Ang pagkamatay ni Ninoy ay nakaapekto sa mga Filipino sa pamamagitan ng paggising sa kanilang damdaming makabayan. Hindi nawalan ng pag-asa ang mga Filipino dahil sa kanyang pagkamatay, sa halip ay naging inspirasyon ng mga tao na ipagpatuloy ang pakikibaka na kanilang sinimulan. At ito ang paglaban hanggang sa huli, hanggang sa huling minuto, hanggang sa makamtan ang tagumpay. Pagkaraan ng kanyang pagkamatay, hindi na nanatiling tahimik ang mga tao. Magiting silang lumabas at nagprotesta laban sa diktadurang Marcos.

*Magbalik-aral Tayo (pp. 15–16)*

1. Halimbawang sagot:

- ◆ Sa aking palagay, ang tunay na nanalo sa mabilisang eleksyon noong 1986 ay si Cory Aquino dahil ayon sa talaan ng mga resulta ng eleksiyon ng NAMFREL, malaki ang lamang ni Cory. Ngunit ayon sa pagbibilang ng pamahalaan, nakalalamang si Marcos. Mayroong mga pagbabago sa pagitan ng pagbibilang ng NAMFREL at ng pamahalaan. At, makikita na ang pagbibilang ng NAMFREL ay kapani-paniwala. Mangyari’y noong Pebrero 9, 30 na teknisyang kompyuter ng COMELEC ang nag-alisan dahil sa protesta dahil sa sadyang pagbabago ng mga resulta ng eleksiyon. Nagpapakita ito na mayroong malawakang pandaraya noong eleksiyon.

3. Halimbawang mga sagot:

- ◆ Hinikayat ng mga tagasuporta ni Ninoy si Cory Aquino, kabilang na ang simbahan, na tumakbo sa pagkapangulo. Kailangan ng oposisyon ng isang malakas na kandidato at noong panahong iyon, ang lahat ng mata ay nasa kanya – ang nagluluksang may-bahay ni Ninoy Aquino. Kahit na sa kanyang sarili ay hindi siya naniniwala na siya ay isang politiko, noong Disyembre 3, 1984 sumang-ayon siyang tumakbo para sa pagkapangulo at labanan si Marcos dahil sa mga sumusunod na dahilan:

- a. Isang milyong mga pirma ang nakalap ng CAPM na hinihikayat siyang tumakbo para sa pagkapangulo at labanan si Marcos. Pinatunayan ng mga pirma na maraming Pilipino ang naniniwala sa kanyang kakayahan na mamuno sa bansa.
- b. isang araw bago niya ipahayag ang kanyang kandidatura noong Disyembre 2, 1984, ang chief of staff ng Sandatahang Lakas na si Fabian Ver at ang kanyang mga tauhan ay napawalang-sala sa kaso ng pagpatay kay Ninoy Aquino na isinampa laban sa kanila. Ang pagwawalang-sala kay Ver at sa kanyang mga tauhan ay nag-udyok kay Cory na gawin ang susunod na hakbang, na tumakbo para sa pagkapangulo at talunin si Marcos.

3. Halimbawang sagot:

- ◆ Hindi ako sang-ayon sa pahayag ng pamahalaang Marcos na ang eleksiyon ay mapayapa at malinis. Ang mabilisang eleksiyon noong 1986 ay nabahiran ng pandaraya at iregularidad. Aalis ba ang 30 teknisyang kompyuter sa COMELEC na nagbabantay sa talaan ng resulta ng eleksiyon kung malinis ito? Ipinakita nito na nandaya si Marcos at ang kanyang mga taga-suporta dahil desperado silang manalo si Marcos sa eleksiyon, na lumabas na pabor kay Cory Aquino. Kahit ang komunidad sa ibang bansa ay naniniwalang nagkaroon ng mga pandaraya noong eleksiyon. Ang senado sa Estados Unidos, halimbawa, ay nagdeklara na mayroong malawakang pandaraya noong eleksiyon.

4. Halimbawang mga sagot

- ◆ Ang partisipasyon ng taumbayan sa mabilisang eleksiyon noong 1986 ay mahalaga dahil ipinakita nila sa pamahalaang Marcos na handa silang gawin ang lahat upang tumulong ibalik ang demokrasya sa bansa. Nakalista sa ibaba ang ilang mga bagay na kanilang ginawa sa mabilisang eleksiyon:
  - a. Nakalikom ang CAPM ng isang milyong pirma upang kumbinsihin si Cory Aquino na tumakbo para sa pagkapangulo.
  - b. Noong Pebrero 5 humigit kumulang sa isang milyong tao ang sumama kay Cory sa kanyang miting-de-avance.
  - c. Nakapagpakilos ng kalahating milyong mga boluntaryo ang NAMFREL upang bantayan ang resulta ng eleksiyon.
  - d. Nang manawagan si Cory Aquino para sa isang sibil na pagsuway, tumugon ang mga tao.

Lahat ng gawaing ito ay nagpatunay ng isang bagay lamang—ang mga tao ay seryoso na baguhin ang kasalukuyang pamahalaan at handa silang gawin ang lahat upang marinig ang kanilang mga tinig at mapagbigyan ang kanilang mga kahilingan.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 18)*

1. Si Ferdinand Marcos at ang Batas Militar

- ◆ Nag-ambag si Ferdinand Marcos at ang Batas Militar upang gawing posible ang rebolusyon sa EDSA sapagkat ang mga ito ang dahilan kung bakit nais ng mga tao na baguhin ang kasalukuyang pamahalaan. Masasabi na ang mga dakilang tao ay hinuhubog ng panahon ng kagipitan. Tunay na sa higit na pagdurusang dinanas ng mga tao mula sa kamay ni Marcos, higit na tumitindi ang kanilang dedikasyon na lumaya. Kapag labis na napagsamantalahan at naabuso ang mga tao, labis din ang paghingi nila ng kalayaan. Ang hindi magandang pamamahala ni Marcos ang dahilan kung bakit sinabi ng mga tao na puno na sila.

2. Si Ninoy Aquino at ang asasinasyon sa kanya

- ◆ Para sa maraming Filipino, simbolo si Benigno Aquino ng pag-asa, na maaaring makamtan ang demokrasya nang mapayapa. Ang kanyang pagkamatay ay nagmulat sa mata ng maraming Filipino na panahon nang makipaglaban upang maibalik ang demokrasya. Nagsimulang magpakita ang mga Pilipino ng kanilang protesta nang walang takot. Nagsimulang mag-isip ang mga tao nang hindi para sa sarili lamang. Naisip nila na higit na mahalaga ang pagkakamit ng kalayaan ng bansa mula kay Marcos kaysa sa kanilang kaligtasan. Kahit na hindi tiyak ng mga tao ang kanilang kaligtasan, isang bagay ang nanatiling malinaw para sa kanila — kailangang makamtam na ang demokrasya.

3. Si Cory Aquino at ang mabilisang eleksiyon noong 1986

- ◆ Pagkaraan ng pagkamatay ni Ninoy, nakuha ni Cory Aquino ang atensiyon ng nakararami. Hindi siya nakilala bilang isang martir na may-bahay na humihiling kay Marcos na palayain ang kanyang asawa, ngunit isang babae na magpapatuloy sa ipinaglalaban ng kanyang asawa, ang muling ibalik ang demokrasya sa bansa. Inudyukan siya ng mga taga-suporta ni Ninoy, kabilang na ang simbahan, na tumakbo bilang pangulo ng bansa dahil nakita sa kanya ang katuparan ng pangarap ni Ninoy at ang pangarap ng bawat Filipino. Kahit na naniniwala siya ng hindi siya isang politiko at matinding gawain para sa isang babae ang pagka-pangulo, sumang-ayon siya noong Disyembre 3, 1984 na tumakbo para sa pagka-pangulo at labanan si Marcos.

Gayunman, si Marcos na noong mga panahong iyon ay desperadong manatili sa posisyon, ay nandaya diumano sa eleksyon. Ipinahayag ng Batasang Pambansa na siya ang panalo. Ngunit kasama ang kanyang tinatawag na tagumpay ang pagkawala ng tiwala ng mga Filipino sa kanyang administrasyon. Alam ng mga tao ang tama. Alam ng mga tao na kulang sa kredibilidad ang proklamasyon dahil maraming tao ang tumestigo na nagkaroon ng malawakang pandaraya noong eleksiyon. Nawala kay Pangulong Marcos ang tiwala ng mga tao at ng internasyonal na komunidad. Hindi matanggap ng mga tao na si Marcos ang muling maging pangulo sa ika-apat na pagkakataon. Dahil dito, nang manawagan si Cory Aquino para sa isang sibil na pagsuway, sumunod ang mga tao.

### C. Aralin 2

*Subukan Natin Ito (pp. 20–21)*

- a. simbolong Laban
- b. Mga bulaklak
- c. Rosaryo
- d. Birheng Maria

*Magbalik-aral Tayo (pp. 26–27)*

1. **(6)** Nagpahayag sina Ramos at Enrile na hihiwalay sila mula sa kampo ni Marcos.
2. **(8)** Nanawagan ang Arsobispo ng Maynila si Jaime Cardinal Sin sa mga tao na suportahan ang mga rebeldeng sundalo.
3. **(3)** Libo-libong tao ang nagtipon sa labas ng mga kampo ng rebelde at nagbigay ng mga pagkain sa kanila.
4. **(1)** Malakihang tropa ng marino at mga tangke ang dumating sa mga kampo at hinarang ng mga walang-takot na Filipino.
5. **(5)** Nagbanta ang mga marino na magpapaputok kung hindi aalis ang mga tao ngunit nanatili sila habang nagdarasal at kumakanta.
6. **(4)** Umalis ang mga militar nang hindi nagpapaputok.
7. **(7)** Pinasinungalingan ni Marcos ang mga usap-usapan na aalis siya ng bansa. Nagdeklara siya ng isang state of emergency.
8. **(10)** Iniluklok ng Supreme Justice Claudio Teehankee si Cory Aquino bilang ika-11 na Pangulo ng Pilipinas.

9. (2) Nanumpa si Ferdinand Marcos sa Palasyo ng Malakanyang.
10. (9) Umalis ng bansa patungong Hawaii si Marcos at ang kanyang pamilya, kasama ang ilan sa kanyang mga tauhan.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 28)*

1. Mga Halimbawang Sagot

a. Cory Aquino

- ◆ Itinuturing si Corazon Aquino na simbolo ng pag-asa para sa mga tao. Ipinagpatuloy niya kung saan tumigil ang kanyang asawa. Kinuha niya ang responsibilidad na ipagpatuloy ang gawaing hindi natapos ng kanyang asawa, na muling ibalik ang demokrasya sa bansa.
- ◆ Tulad ng kanyang asawa, isa siyang taong puno ng kagitingan at determinasyon. Nabigo si Marcos na takutin siya. Ipinagpatuloy niya ang paglaban kay Marcos tulad ng ginawa ni Ninoy. Nang maideklara si Marcos na panalo sa eleksyon, hindi siya sumuko dahil alam niyang nadaya siya. Ipinaglaban niya ang kanyang paniniwala. Lumaban siya nang patas at malinis, hindi katulad ng kanyang kalaban.
- ◆ Noong walang sinuman ang nangahas tumayo upang pamunuuan ang mga tao, tumayo siya at nanawagan para sa isang payapang solusyon. Nanawagan siya para sa isang sibil na pagsuway. Positibong tumugon at ang mga tao.

b. Arsobispo Jaime Cardinal Sin

- ◆ Isang Katolikong bansa ang Pilipinas, dahil maraming Filipino ang sumunod sa mga pangaral ng simbahan. Kung kaya't ginawa nitong isang maimpluwensiyang tao si Jaime Cardinal Sin sa buhay ng Filipino. Noong Rebolusyong EDSA 1986, naging gabay siya sa espiritwal na buhay ng mga tao at numero unong tagasuporta ni Cory Aquino bilang sugo ng kapayapaan.
- ◆ Nang manawagan sina Ramos at Enrile para sa suporta ng simbahan, positibong tumugon si Sin at hinikayat ang mga tao na suportahan ang kanilang “mga kaibigan.” Nagresulta ang panawagan ni Sin sa malaking bilang ng mga tao na pumunta sa EDSA ilang oras matapos isinagawa ang pahayag. Nagsimula ang mga tao sa mapayapang proseso ng pagpapatalsik kay Marcos. Taimtim siyang nagdasal at kumanta nang malakas. Hinarap nila ng pagdarasal ang mga tangke. Binigyan nila ng mga rosaryo at bulaklak ang mga sundalo.



c. at d. Fidel Ramos at Juan Ponce Enrile

- ◆ Matapos nilang alisin ang suporta kay Marcos, nanawagan sila para sa kanyang pagbibitiw. Isiniwalat din nila ang mga katiwalian sa eleksiyon. Nanawagan sila sa Sandatahang Lakas at sa mga tao na suportahan sila sa kanilang layunin laban sa pamahalaan. Binuo nila ang rebolusyon nang manawagan sila para sa partisipasyon at suporta ng mga tao. Pinamunuan nila ang rebeldeng grupo ng sandatahang lakas na lumaban sa mga loyalistang puwersa ni Marcos.

e. Media

- ◆ Nagsilbing mga mata at tenga ng mga tao ang media, lalo na ang Radyo Veritas. Iniulat ng istasyon ang mga pangyayari bago at habang nagaganap ang rebolusyon sa EDSA. Dahil makapangyarihang kasangkapan ang media sa pagpapaalam sa mga tao at pagbabatid sa kanila kung ano ang nangyayari sa paligid, sinubukang pigilan ng administrasyong Marcos ang Radyo Veritas sa pagpapalabas ng mga pangyayari sa rebolusyon. Sinabotahe ng mga armadong kalalakihan ang tore ng transmisyon ng Radyo Veritas. Sa kabutihang palad, mayroon pang ibang istasyon ng radyo na nag-ulat sa mga pangyayari.

2. Nakilahok ang mga tao noong rebolusyon. Nagtipon sila malapit sa mga barikada sa Kampo Krame at Kampo Aguinaldo upang pigilan ang mga tropang loyalista na umabot sa lugar. Ipinadama nila ang kanilang prensipyo habang nagdarasal at kumakanta sila ng makabayan at relihiyosong mga kanta, *Magkaisa*, *Bayan Ko at Ave Maria*. Nang sinubukan ng mga tanke at tropang loyalista na sumulong patungo sa lugar, hinarap ng mga tao ang mga ito nang walang takot at buong kagitingan, hawak lamang ang mga rosaryo at bulaklak.

3. Kung ako ay naroroon noong rebolusyon, marahil ako ay makikibahagi dito sa pamamagitan ng paggawa ng mga sumusunod:

- a. Pagboykot sa mga produkto at serbisyong pag-aari ng kaibigan at kamag-anak ni Marcos
- b. Pupunta ako sa EDSA upang magdala ng mga pagkain para sa nagugutom na mga tao
- c. Sasali ako sa magigiting na lalaki at babae na nanatiling gising upang bantayan ang mga kampo, upang hindi mahayaang makapunta sa lugar ang mga tropang loyalista



- d. Naroon man ako o wala, makikilahok ako sa pagdarasal ng mga Filipino.
- e. Kakanta ako ng makabayang awit upang maipakita ang aking suporta sa rebolusyon
- f. Hihikayatin ko ang mga miyembro ng aking pamilya at kaibigan na suportahan ang rebolusyon sa pamamagitan ng pagdarasal para sa magiging na tao sa EDSA.

## D. Aralin 3

*Magbalik-aral Tayo (pahina 33)*

### 1. Mga halimbawang sagot

- ◆ *Oo.* Sang-ayon ako sa artikulo dahil higit sa anupaman, iisa iyong pangyayari na nagpapakita ng pagkakaisa ng mga tao. Tungkol ito sa people power—pagkakaisa at mga dasal upang magtagumpay ang Rebolusyong EDSA 1986. Iyon ang tagumpay ng mga tao. Nagpatunay iyon ng isang bagay, kung nais ng mga tao na gawin ang isang bagay, magagawa nila ito.
- ◆ *Hindi.* Hindi ako sang-ayon sa artikulo. Hindi dapat nating ipagwalang-bahala ang katunayan na ang dahilan kung bakit naganap ang Rebolusyong EDSA 1986 ay dahil gustong patalsikin ng mga tao si Marcos at kanyang mga tauhan. Ang Rebolusyong EDSA 1986 ay tungkol sa pagsipa sa mga Marcos mula sa kapangyarihan. Tungkol iyon sa muling pakikipaglaban matapos ang ilang taon ng inhustisya at opresyon. Nagwakas ang pamumuno ni Marcos samantalang nagsimula pa lamang ang sa mga tao.
- ◆ *Oo at Hindi.* Sa aking palagay, ang Rebolusyong EDSA 1986 ay tungkol sa people power at ang pagpapatalsik kay Marcos mula sa trono ng pagkapangulo. Nais ng mga tao na baguhin ang pamahalaan nang patalsikin si Marcos. Iyon ang layunin na nag-udyok sa kanila sa pagkakaisa at dahil sa pagkakaisang iyon, nagtagumpay sila.

### 2. Mga halimbawang sagot:

Ang people power ay.....

- ◆ ang pagkakaisa at partisipasyon upang makamantan ang isang layunin
- ◆ demokrasya: sa isang demokratikong lipunan, ang kapangyarihan ng estado ay nasa mga tao

- ◆ makapagbuo o makasisira ng pamahalaan, ito ay sa kadahilanang sa boto ng mga tao nahahalal ang mga pinuno ng pamahalaan. Kung sa tingin nila na hindi karapat-dapat manatili ang pinuno, maaari nila itong patalsikin at maglagay ng karapat-dapat na tao sa posisyon.
- ◆ Rebolusyong bayan— isang simbolo ng kapangyarihan na taglay ng mga tao.
- ◆ Hindi pag-iisip sa sarili. Hindi ito tungkol sa pakikialam sa sariling buhay, kundi pakikialam sa ating magkatulad na interes. Ang mga tao sa EDSA ay nagpakita nito dahil tinigilan nila ang pag-iisip sa kanilang mga sarili at kanilang kaligtasan lamang. Ibinuwis ng mga tao sa EDSA ang kanilang buhay dahil alam nilang may higit na dakilang layunin na kailangang makamtan, ang muling pagbabalik ng demokrasya at pagbibigay-wakas ng rehimeng Marcos.

3. Halimbawang sagot:

- ◆ Nangyayari ang rebolusyon dahil sa partisipasyon ng tao. Napakalakas ng people's power dahil sa ating nakita noong Rebolusyong EDSA 1986. Napatalsik ng mga tao si Marcos at ang kanyang pamahalaan hindi sa pamamagitan ng karahasan kundi sa pamamagitan ng kagitingan at pagkakaisa. Tulad ng isinulat ni Miguel sa kanyang artikulo, ang lahat ay “iisa” lamang. Dahil sa kanilang pagkakaisa, hinarap nila nang walang takot ang mga tangke. Nabigong takutin ni Marcos at ag kanyang mga tauhan ang mga tao dahil determinado silang patalsikin siya. Ang kanilang mga tinig at aksiyon ang dahilan ng tagumpay sa EDSA noong 1986.

*Pag-isipan Natin Ito (pahina 34)*

Mga posibleng sagot:

1. Matapang, magiting, determinado, hindi iniisip ang sarili lamang, makabayan
2. maimpluwensiya, magiting, sensitibo, relihiyoso
3. nagkakaisa, hindi iniisip ang sarili lamang, makabayan, magiting, relihiyoso, determinado

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 35–36)*

1. Kung hindi tayo matututo sa ating mga pagkakamali, maaaring mangyari itong muli. Nangangahulugan ito na kung hindi tayo matuto sa mga aral ng batas militar at Rebolusyong EDSA 1986, may malaking posibilidad na magkaroon sa hinaharap ng isa pang batas militar. Kung magkakaroon ng Batas Militar at muling mapagsasamantalahan at maaabuso ang mga Filipino, sila ay muli silang lalaban para sa kanilang kalayaan tulad ng ginawa nila sa EDSA noong 1986.
2. Maaari nating pigilan ang pag-ulit ng kasaysayan sa pamamagitan ng pagkatuto mula dito. Sa pamamagitan ng pagkatuto sa mga aral mula sa nakalipas, magiging maingat tayo sa paggawa ng mga desisyon at sa paggawa ng trabaho.
3. Mga halimbawang sagot.
  - a. Natutuhan ko na dakila ang mga Filipino. Matapang sila, magiting at matalino. Relihiyoso sin sila.
  - b. Tunay na makapangyarihan ang people power tao at malakas dahil maari itong gumawa o magwasak ng isang pamahalaan.
  - c. Kung nagkakaisa ang mga tao upang makamit ang isang karaniwang layunin, makukuha nila ito.
  - d. Responsabilidad ng mga pinuno ng pamahalaan na pagsilbihan ang mga tao. Kung nabigo sila sa paggawa nito, sila ang mananagot sa mga tao dahil kung hindi, gagamitin nila ang kanilang kapangyarihan upang patalsikin ang mga nasa puwesto.

**E. Anu-ano ang mga Natutuhan Mo? (pp. 37–39)**

- a.
  1. Setyembre 21, 1983
  2. Agosto 21, 1983
  3. Nobyembre 3, 1985
  4. Pebrero 23, 1986
  5. Mayo 8, 1980
  6. Disyembre 3, 1985
  7. Pebrero 25, 1986
  8. Pebrero 9, 1986
  9. Pebrero 16, 1986
  10. Pebrero 7, 1986
  11. Setyembre 21, 1972
  12. Pebrero 24, 1986
  13. Pebrero 22, 1986
  14. Pebrero 25, 1986

- b. 1. Halimbawang sagot:
- ◆ Malakas ang pagkakaisa o kapangyarihan ng mga tao. Makapangyarihan ito dahil maaari nitong makamit ang mga imposible. Pinatunayan ito ng mga tao nang magtipon sila sa kahabaan ng EDSA upang ipakita sa pamahalaang Marcos na gusto nilang tapusin ang kanyang pamumuno. Napatalsik si Marcos, bilang isang malakas at makapangyarihang tao, hindi dahil sa karahasan ngunit dahil sa sama-samang tinig at aksiyon ng mga tao. Nagkaisa ang lahat ng tao, at ang kanilang pagkakaisa ang nagpabalik sa demokrasya.
2. Halimbawang sagot:
- ◆ Kailangang pagsilbihan ng pamahalaan ang mga tao. Kailangan nitong tugunan ang mga kagustuhan ng tao. Kung mabigo ito, ang mga tao ang siyang kukuha kung ano ang nararapat para sa kanila, hindi isinaalang-alang ang magiging kapalit nito. Ang mga tao noong panahon ni Marcos ay nag-alsa laban sa kanya dahil naramdaman nila na ang pamahalaan niya ay walang kakayahang maibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan—ang kalayaan at demokrasya. Naging isang diktador si Marcos at hindi siya nakinig sa mga tao.
  - ◆ Dahil dito, nagalit ang mga tao sa kanya at sa kanyang pamahalaan. Nagdesisyon silang baguhin ang pamahalaan at ang mga pinuno nito. Ang pag-iisip na kailangang baguhin ang isang bagay mula sa kasalukuyang sistema o pamahalaan ang gumagawa ng isang rebolusyon.
3. Halimbawang sagot:
- ◆ Sadyang inuulit ng kasaysayan ang kanyang sarili kung hahayaan natin ito. Maaari natin itong pigilan sa pamamagitan ng pagkatuto mula dito. Ngunit kung hindi natin ito papansinin, tunay na mauulit ang kasaysayan.
4. Halimbawang sagot:
- ◆ Ang Rebolusyong EDSA 1986 ay tungkol sa mga tao dahil ipinakita at pinatunayan nito na ang isang nagkakaisang bansa ay maaaring mangingibabaw at magtagumpay sa panahon ng krisis.

5. Halimbawang sagot:

- ◆ Karapat-dapat ialay ang buhay para sa kalayaan dahil kadalasan, para makamtan ang kalayaan, maraming buhay ang nawawala. Masasabi na panahon ng kahirapan at kagipitan, ang damdaming makabayan ay nagigising at ang mga bayani ay isinisilang. Tulad ng ipinakita ni Ninoy at ng iba pang Filipino na namatay para sa kalayaan, isang pangarap ang kalayaan na kailangang makamtan. Hindi natin dapat hayaan ang sinuman na abusuhin at samantalain ito. Hindi natin dapat hayaan ang sinuman na lumabag sa karapatang pantao. Lahat tayo ay may karapatang maging malaya.



## Talahuluganan

**Asasinasyon** Pagpatay

**Boykot** Pagtanggì na makibahagi sa mga gawaing pampolitika tulad ng eleksiyon o pagtanggì sa paghawak o pagbili ng mga produkto bilang paraan ng protesta

**Demokrasya** Isang uri ng pamahalaan kung saan ang mga tao ang namamahala sa kanilang sarili o humahalal ng mga kinatawan upang pamahalaan sila

**Diktador** Isang pinuno na may ganap na kapangyarihan: isang tao/pinuno na pumipilit sa mga taong gawin ang mga nais o kagustuhan

**Konstitusyon** Isang kalipunan ng mga kautusan, batas, at karapatan na namamahala sa isang bansa

**Madaliang eleksiyon** Eleksiyon na madaliang isinasagawa na may kaunti o walang preparasyon

**Probisyonal na pamahalaan** Pansamantalang pamahalaan sa panahon ng pagbabago

**Sedisyon** Rebelyon

**Sibil na pagsuway** Pagtanggì ng mamamayan na sumunod sa batas o magbayad ng buwis bilang mapayapang paraan ng pagprotesta



## Mga Sanggunian

*A Surmounting Rebellion.* The EDSA Revolution Website. < <http://library.thinkquest.org/15816/therevolution.article2.html> >. December 1, 2000, date accessed.

Benigno, Teodoro C. *The Rewriting of EDSA? We Won't Allow It.* < <http://www.stuartxchange.com/Afterword.html> >. December 1, 2000, date accessed.

*EDSA and the Youth.* The EDSA Revolution Website. < <http://library.thinkquest.org/15816/therevolution.article5.html> >. December 1, 2000, date accessed.

*Epilogue: Democracy Lives Again.* The EDSA Revolution Website. < <http://library.thinkquest.org/15816/therevolution.article4.html> >. December 1, 2000, date accessed.

*Magkaisa.* The EDSA Revolution Website. < <http://library.thinkquest.org/15816/therevolution.article1.song1.html> >. December 1, 2000, date accessed.

- Ousting a Dictator.* The EDSA Revolution Website. < <http://library.thinkquest.org/15816/therevolution.article3.html> >. December 1, 2000, date accessed.
- Stuart-Santiago, Angela. *Before EDSA 1965–1986 Marcos Times.* < <http://www.stuartxchange.com/BeforeEdsa.html> >. December 1, 2000, date accessed.
- The Aquino Political Career.* The EDSA Revolution Website. < <http://library.thinkquest.org/15816/thetwoleaders.article4.html> >. December 1, 2000, date accessed.
- The Marcos Regime: Martial Law and the New Society.* The EDSA Revolution Website. < <http://library.thinkquest.org/15816/thebeginning.article3.html> >. December 1, 2000, date accessed.
- The Martyr: Benigno “Ninoy” Aquino.* < <http://www.asiaweek.com/asiaweek/95/20greats/aquino.html> >. December 6, 2000, date accessed.
- The Ninoy Aquino Scrapbook.* The EDSA Revolution Website. < <http://library.thinkquest.org/15816/thebeginning.article7.html> >. December 6, 2000, date accessed.
- The Philippines Under Martial Law* The EDSA Revolution Website. < <http://library.thinkquest.org/15816/thebeginning.article4.html> >. December 1, 2000, date accessed.
- The Revolt.* The EDSA Revolution Website. < <http://library.thinkquest.org/15816/therevolution.article1.html> >. December 1, 2000, date accessed.
- The Road to Revolution.* The EDSA Revolution Website. < <http://library.thinkquest.org/15816/thebeginning.article6.html> >. December 1, 2000, date accessed.
- Timeline of the Rebellion.* The EDSA Revolution Website. < <http://library.thinkquest.org/15816/thebeginning.article8.html> >. December 1, 2000, date accessed.
- What is Needed in a Revolution?* The EDSA Revolution Website. < <http://library.thinkquest.org/15816/thebeginning.article2.html> >. December 1, 2000, date accessed.
- What is a Revolution?* The EDSA Revolution Website. < <http://library.thinkquest.org/15816/thebeginning.article1.html> >. December 1, 2000, date accessed.